**NOTE: HOW TO USE THIS BOOK**

**CONTINUING EBS:**

- Teachers/Facilitators Guide provided in the APPENDIX (at the end of this book).
- Use this as a continuing Evangelistic Bible Study (EBS).
- Form an INITIAL EBS GROUP of about 6-12 individuals consisting of Christians bringing one or two non-Christian friends.
- After completing the course, challenge the new graduates to invite other Christians and their non-Christian friends to join a new EBS group.
- Keep repeating this replicating process.

**FOLLOW-UP OF GRADUATES:**

- Graduates of the Bridge EBS course may proceed to the ***NewLife Series (Books 1-14)*** See APPENDIX.

# ANG TULAY
## PABALIK SA DIYOS



***Sinulat ni Pastor Bien A. Llobrera***

*Nagsilbing senior pastor sa:*
*First Baptist Church-Cavite City (1972-1988);*
*Faith Filipino Fellowship-Santa Ana, California (1988-1990);*
*First Filipino Baptist Church-Pasadena, California (1990-1996),*
*First Southern Baptist Church-Pasadena, California (1996-2014).*
*Nag-retire sa full-time pastoral ministry noong 2014; patuloy siyang naglilingkod sa pamamagitan ng Christian Writing Ministry.*
*Ang kanyang mga Bible studies, sermons, devotionals ay libreng makukuha sa website, social media, at mahihingi sa* ***pastorbien@gmail.com****.*

## ARALIN 1

## ANG TULAY PABALIK SA DIYOS

PAMBUNGAD

1. Bilang pasimula ng ating pag-aaral, puwede bang hilingin ko na maglakbay tayo sa ating imahinasyon? Noong unang panahon, may isang napakagandang kaharian, na may haring mabait at mahal na mahal ang kanyang mga nasasakupan at pinangangalagaan ang lahat ng kanilang pangangailangan. Ang hari ay nakatira sa palasyo sa taluktok ng bundok, at ang mga tao ay nakatira sa mapayapang kapatagan sa may paanan ng bundok. Isang matuwid na camino real ang nag-uugnay sa kapatagan at palasyo. Madalas na naglalakbay ang mga mamamayan sa daang ito upang makipagkita sa hari kailanma't mayroon silang problema o pangangailangan. At madalas ding ginagamit ng hari ang daan upang puntahan at dalawin ang kanyang mga nasasakupan. Subalit biglang nangyari ang trahedya isang araw. Niyanig ng malakas na lindol ang bundok at ang kapatagan. Bumuka ang lupa at nagkaroon ng isang malaking bangin sa pagitan ng bundok at kapatagan. Pinutol ng lindol ang camino real patungo sa hari. Ang mga tao'y nagtangkang gumawa ng tulay upang makatawid sa bangin subalit wala silang sapat na kayamanan o kakayahan para gawin ito. Sa palagay ninyo, sino ang gumawa ng tulay. Tama, siyempre, ang hari ang nagtayo ng tulay.

ANG MENSAHE NG DIYOS

2. Ang simpleng kuwentong ito ay naglalarawan sa atin ng napakagandang mensahe ng pag-ibig ng Diyos sa atin, mensaheng matatagpuan sa Biblia. Ang mensaheng ito ay inilalarawan sa ***Ilustrasyon ng Tulay***.

3. Noong pasimula, nilikha ng Diyos ang ating unang mga magulang na perpekto at walang kasalanan, upang magkaroon sila ng malapit na relasyon sa Kanya. Ang relasyong ito ay inilalarawan ng linyang nag-uugnay sa Diyos at sa tao. Tingnan ang ***Ilustrasyon 1 ng Tulay***.

***Ilustrasyon 1***

**SA PASIMULA MALAPIT**
**ANG RELASYON NG DIYOS AT TAO**
**IN THE BEGINNING GOD AND MAN**
**HAD A CLOSE RELATIONSHIP**

**TAO DIYOS**
**MAN GOD**

4. Subalit nagkaroon ng isang malaking espiritual na lindol. Nagkasala ang ating mga unang magulang laban sa Diyos, at naputol ang relasyon nila sa Diyos. Hindi lamang sila ang nagkasala; tayong mga anak nila ay nagkasala rin sunod sa kanila.

5. Basahin natin ang Roma 3:23.

**<< Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.>>**

- Ayon sa talatang ito, ilan ang nagkasala? Lahat ay nagkasala, kasama na rin kayo at ako.

- Ano ang ibig sabihin ng kasalanan? May nagsabi na ang ugat ng kasalanan ay matatagpuan sa gitnang letra "I" sa salitang "S-I-N" sa English. Ang kasalanan ay pagrebelde laban sa Diyos at pagpahayag na tayo ang hari/reyna sa trono ng ating buhay. Ang kasalanan ay paghawak sa manobela ng ating buhay upang sundin ang landas na ating pinili para sa ating sarili. Ang temang awiting ng makasalanan ay ang awiting "I Did It May Way".

6. Dahil sa kasalanan, lahat ng tao ay hinatulan ng kamatayan. Basahin natin ang Roma 6:23.

**<< Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang kaloob ng Diyos na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin.>>**

- Ano ang ibig sabihin ng kamatayan? Dalawang uri ng kamatayan ang sinasaysay ng Biblia.


- Una, ang kamatayan ng katawan; basahin natin ang Hebreo 9:27.

**<< At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom.>>**

- May pangalawang kamatayan kung saan itatapon ang mga makasalanan sa lugar ng pagdurusang walang hanggan; basahin ang Apocalipsis 21:8.

**<< Ngunit sa mga duwag, sa mga hindi nananampalataya, mga karumaldumal, mga mamamatay-tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan.">>**

Tingnan ang ***Ilustrasyon 2 ng Tulay***.




7. Pag-aralan nating mabuti ang Apocalipsis 21:8 (sa itaas). Sa talatang ito ay mababasa natin ang listahan ng mga makasalanang itatapon sa lugar ng pagdurusa. Kabilang sa listahan ang mga grabeng

makasalanan, tulad ng mga mamamatay-tao. Pero napansin ba ninyo na kasama rin sa listahan ang mga di-grabeng makasalanan, tulad ng mga bulaan? Sa mata ng Diyos, walang pagkakaiba ang kasalanan. Lahat ng mga makasalanan, grabe at di-grabe, ay pare-parehong ihihiwalay sa Diyos magpakailan pa man at sila'y itatapon sa lawa ng apoy.

8. Para sa atin, ano ang ibig sabihin nito? Ang ibig sabihin, tayong lahat – bawat isa sa atin – ay nasa panganib! Hindi man tayo nakagawa ng grabeng kasalanan, tayong lahat ay nakagawa ng kasalanan ng pagbubulaan. Dahil dito kasama tayo sa listahan ng mga ihahagis sa lugar ng pagdurusa. Ano ang magagawa natin upang tayo'y makaligtas sa kapahamakang naghihintay sa atin?

9. Sa ating sarili, wala tayong magagawa. Subalit mahal tayo ng Diyos, at Siya na rin ang gumawa ng daan. Sinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak na si Cristo para Siya'y mamatay sa krus upang tayo'y tubusin sa ating mga kasalanan; basahin natin ang Juan 3:16.

**<<Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.>>**

10. Noong Siya'y nasa lupa, si Cristo ay namuhay na perpekto. Hindi Siya kailanman gumawa ng anumang kasalanan na dapat Niyang pagbayaran. Tayong mga tao ay ang mga makasalanan at tayo ang dapat parusahan. Subalit kinuha ni Cristo ang ating lugar doon sa krus, at Siya'y nagdusa at namatay upang bayaran ang ating mga kasalanan. At hindi Siya nanatiling patay; pagkatapos ng tatlong araw, Siya ay muling nabuhay.

**1 Pedro 3:18: << Sapagkat si Cristo man ay minsang nagdusa[b] dahil sa mga kasalanan, ang isang matuwid dahil sa mga di-matuwid, upang kayo[c] ay madala niya sa Diyos. Siya ay pinatay sa laman, ngunit binuhay sa Espiritu. >>**


**1 Corinto 15:3-4: << 3 Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin ding tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, 4 at siya'y inilibing; at muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. >>**

11. At ngayon, si Cristo ay nakatayo sa pagitan ng Diyos at ng tao bilang buhay na TULAY – si Cristo ang TANGING DAAN pabalik sa Diyos. Tingnan ang ***Ilustrasyon 3 ng Tulay***. Basahin natin ang Juan 14:6.

<< >>

***Ilustrasyon 3***

**SI CRISTO ANG TANGING DAAN**
**CHRIST THE ONLY WAY**




PANSARILING PAGSASABUHAY

12. Ngayon, ikaw ay nakaharap sa isang desisyon. Si Cristo ay kumakatok sa pintuan ng iyong puso. Basahin natin:

**Apocalipsis 3:20: << Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo ko. >>**

Ano ang desisyong ibibigay mo sa Kanya? Ayon sa Juan 5:24 at Juan 1:12, ang iyong desisyon ay dapat maglalaman ng tatlong mahalagang aksiyon.

**Juan 5:24: << Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan. >>**


**Juan 1:12: << Subalit ang lahat ng tumanggap sa kanya na sumasampalataya sa kanyang pangalan ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos. >>**

- Una, MAKINIG;
- Pangalawa, SUMAMPALATAYA;
- Pangatlo, TUMANGGAP.

13. Tingnan ang ***Ilustrasyon 4 ng Tulay***.

*Ilustrasyon 4*

**ANG IYONG PASIYA**
**YOUR DECISION**




14. Ang iyong desisyon ay maaari mong ipahayag sa pamamagitan ng panalanging katulad ng nasa ibaba. Sumasang-ayon ba ang puso mo sa dalanging ito? Kung gayon, handa ka bang idalangin ito ngayon din?

***Panginoong Jesus, NARINIG ko ngayon ang mensahe ng pag-ibig ng Diyos para sa akin. Inaamin ko po na ako'y makasalanan; patawarin po ako sa lahat ng kasalanang nagawa ko laban sa Diyos. SUMASAMPALATAYA ako na Ikaw ay namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at Ikaw ay nabuhay na mag-uli, at Ikaw ay nabubuhay ngayon at magpakailan man. Salamat at Ikaw ay kumakatok sa pintuan ng aking puso. Panginoong Jesus, binubuksan ko po ang aking puso at TINATANGGAP Kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Isinusuko ko na po sa Iyo ang trono at manobela ng aking buhay. Tulungan po ako na susunod na sa Iyo mula ngayon. Amen.***

**ANG ALIBUGHANG ANAK**
Lucas 15:11-24
(Ang Biblia, 2001)

**11** Sinabi ni Jesus,[b] "May isang tao na may dalawang anak na lalaki:
**12** Sinabi ng nakababata sa kanila sa kanyang ama, 'Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng
kayamanang nauukol sa akin.' At hinati niya sa kanila ang kanyang pag-aari.
**13** Makaraan ang ilang araw, tinipon ng nakababatang anak ang lahat ng kanya, at naglakbay patungo
sa isang malayong lupain at doo'y nilustay ang kanyang kabuhayan sa maaksayang pamumuhay.
**14** Nang magugol na niyang lahat ay nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing iyon, at siya'y
nagsimulang mangailangan.
**15** Kaya't pumaroon siya at sumama sa isa sa mga mamamayan sa lupaing iyon na nagpapunta sa kanya
sa kanyang mga bukid upang magpakain ng mga baboy.

16 At siya'y nasasabik na makakain ng mga pinagbalatan na kinakain ng mga baboy at walang
sinumang nagbibigay sa kanya ng anuman.
17 Subalit nang siya'y matauhan ay sinabi niya, ‘Ilan sa mga upahang lingkod ng aking ama ang may
sapat at lumalabis na pagkain, ngunit ako rito'y namamatay sa gutom?
18 Titindig ako at pupunta sa aking ama, at aking sasabihin sa kanya, “Ama, nagkasala ako laban sa
langit at sa iyo.
19 Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo. Ituring mo ako na isa sa iyong mga upahang
lingkod.”’
20 Siya'y tumindig at pumunta sa kanyang ama. Subalit habang nasa malayo pa siya, natanaw siya ng
kanyang ama at ito'y awang-awa sa kanya. Ang ama'y[c]tumakbo, niyakap siya at hinagkan.
21 At sinabi ng anak sa kanya, ‘Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyo; hindi na ako karapat-
dapat na tawaging anak mo.’
22 Subalit sinabi ng ama sa kanyang mga alipin, ‘Dali, dalhin ninyo rito ang pinakamagandang
kasuotan at isuot ninyo sa kanya. Lagyan ninyo ng singsing ang kanyang daliri, at mga sandalyas ang
kanyang mga paa.
23 At kunin ninyo ang pinatabang guya at patayin ito, at tayo'y kumain at magdiwang.
24 Sapagkat ang anak kong ito ay patay na, at muling nabuhay; siya'y nawala, at natagpuan.’ At sila'y
nagsimulang magdiwang.

## ARALIN 2

## PAG-IBIG NG DIYOS

PAMBUNGAD

1. MAHAL KA NG DIYOS! Ito ang Mabuting Balita na nasa puso ng Biblia. “Sapagka’t gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hangan” (Juan 3:16). Sa aklat na ito ay pag-aaralan natin kung paano natin matatanggap at mararanasan ang pag-ibig ng Diyos, sa tulong ng dalawang ilustrasyon – ang kuwento ng **Alibughang Anak** at ang **Ilustrasyon ng Tulay**.

2. Basahin natin ang kuwento ng Alibughang Anak mula sa Lucas 15:11-24.

NOONG PASIMULA

3. Sa kuwento ng **Alibughang Anak** ay makikita natin ang malaking pagmamahal ng ama sa kanyang mga anak dahil inilaan niya ang lahat niyang kayamanan bilang pamana sa kanyang mga anak.

4. Sa **Ilustrasyon 1 ng Tulay** ay makikita natin ang dakilang pag-ibig ng Diyos noong nilikha Niya ang tao sa pasimula, upang magkaroon ng malapit na relasyon sa Kanya sa pag-ibig at sa gawain. Ang relasyong ito ay inilalarawan ng linyang nag-uugnay sa Diyos at sa tao.

*Ilustrasyon 1*

**SA PASIMULA MALAPIT**
**ANG RELASYON NG DIYOS AT TAO**
**IN THE BEGINNING GOD AND MAN**
**HAD A CLOSE RELATIONSHIP**

**TAO DIYOS**
**MAN GOD**

5. Mula sa Genesis 1:26-27; 2:7, paano natin nalalaman na ang tao ay mayroong materyal na bahagi at espiritual na bahagi? Ang mga tao ay may materyal na bahagi; ito ang kanilang pisikal na katawan, na hinubog ng Diyos mula sa luwad na kinuha mula sa lupa. Mayroon silang espiritual na bahagi; ito ang hininga ng buhay (kaluluwa at espiritu) na inihinga ng Diyos sa kanila.

6. Nilikha ng Diyos ang mga tao para sa mataas na layunin at katungkulan. Basahin natin ang Genesis 1:28 at Awit 8:6. Ayon sa mga talatang ito, ano ang mataas na layunin at katungkulang ito? Ang mga tao ay nilikha ng Diyos para sa mataas na layunin at katungkulan upang maging tagapamahala, sa ilalim ng Diyos, ng lahat ng nilikha ng Diyos.

7. Ang pag-ibig ng Diyos sa Diyos ay Kanyang ipinakita rin sa pamamagitan ng pagtugon sa lahat ng pangangailangan nila. Basahin natin ang Genesis 2:8-9. Ayon sa mga talatang ito, itinanim ng Diyos sa Hardin ng Eden ang iba't ibang uri ng punongkahoy na tumutugon sa pangangailangan ng tao. Nilikha ng Diyos ang mga tao na taglay ang iba't ibang pangangailangan – pangkatawan, pangkaisipan, pangdamdamin, pang-moral, at espiritual at pang-walang-hanggan.

- **Para sa katawan,** nagbigay ang Diyos ng mga punungkahoy na namumunga ng pagkain.

- **Para sa isip at damdamin,** nagbigay ang Diyos ng magagandang punungkahoy, na sumasagisag sa lahat ng bagay sa kalikasan na maaaring hangaan, pag-isipan at pag-aralan ng tao at nakakabusog sa kanyang damdamin.

- **Para sa pang-moral,** ibinigay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkaalam sa mabuti at masama upang magamit ng tao ang kanyang kakayahan sa pagpili.

- At **para sa pangangailangang espiritual at pangwalang-hanggang kabuluhan** ay ibinigay ng Diyos ang punungkahoy ng buhay. Hindi ba lubhang kahanga-hanga ito? Noong tayo'y nilikha ng Diyos ay inilagay Niya ang iba't ibang pangangailangan sa ating pagkatao, at nilikha din Niya ang mga bagay na tutugon sa mga pangangailangang iyan!

8. Ang tao ay may **pangangailangan din sa pag-ibig, pakikikasama at relasyon.** Paano tinugon ng Diyos ang pangangailangang ito? Basahin natin ang Genesis 2:18, 21-25. Tinugon ng Diyos ang pangangailangan ng tao para sa pag-ibig, pakikisama at relasyon sa pamamagitan ng pag-aasawa, pamilya at lipunan.

9. Sa ngayon, patuloy na ipinapakita sa atin ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating mga pangangailangan. Narito ang ilang talata na nagpapagunita sa atin tungkol sa mga biyayang patuloy na ipinagkakaloob ng Diyos sa atin. Ayon sa Gawa 17:25 ang buhay at hininga

natin ay galing sa Diyos. Tandaan natin: tuwing tayo ay hihinga, dapat tayong magpasalamat sa Diyos na Siyang nagpapahiram nito sa atin. Ayon sa Gawa 14:17 ang Diyos ang siyang may hawak sa panahon, sa araw at ulan na kailangan upang magkaroon ng ani na nagbibigay sa atin ng ating pagkain. Ayon sa Awit 145:15-16 hindi lamang mga tao kundi lahat ng nilalang sa lupa ay nakadepende sa Diyos para sa kanilang ikabubuhay, na ito nama'y walang salang ibinibigay ng Diyos dahil sa kanyang pagmamahal sa lahat Niyang nilikha.

10. Ngunit higit pa sa buhay na pisikal at mga pagpapalang materyal ay ang kaloob na buhay na walang hanggan na ibibigay ng Diyos sa atin. Basahin natin ng sabay-sabay ang Juan 3:16: "Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hangan"

PANSARILING PAGSASABUHAY

11. Ano ang isang panalangin ng pasasalamat sa Diyos na magandang tularan natin? Bigkasin natin ng taos sa puso ang dalangin ng pasasalamat mula sa Awit 103:1-5:

***Awit 103:1-5: Purihin mo ang Panginoon, O kaluluwa ko; at lahat ng nasa loob ko, purihin ang Kanyang banal na pangalan! Purihin mo ang Panginoon, O kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat Niyang mga biyaya – na Siyang nagpapatawad ng lahat mong mga kasamaan; na Siyang nagpapagaling ng lahat mong karamdaman, na Siyang tumutubos ng iyong buhay sa Hukay: na Siyang nagpuputong sa iyo ng habag at tapat na pagmamahal, na Siyang bumubusog sa iyong nasa ng mga mabubuting bagay; anupa't nababago na gaya ng agila ang iyong kabataan.***

12. Sa iyong buhay, anong mga pagpapala ang gusto mong ipagpasalamat sa Diyos sa ngayon?

**SAULUHIN**

> **Mateo 5:45 Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit, sapagkat pinasisikat Niya ang Kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga di-matuwid. Mateo 5:45**

## ARALIN 3


## NAGKASALA ANG TAO

SA PASIMULA, noong nilikha ng Diyos ang ating unang mga magulang sila'y nilikhang perpekto, at sila'y pinatira sa isang perpektong daigdig. Subalit sinuway nila ang utos ng Diyos at sila'y nahulog sa kasalanan. Ang kanilang malapit na relasyon sa Diyos ay naputol. Bunga ng kanilang kasalanan, pumasok sa daigdig ang kahirapan, sakit, karamdaman, kalungkutan at kamatayan.

1. Basahin nating muli ang kuwento ng Alibughang Anak.

2. Isang araw ang **Alibughang Anak** ay nagrebelde laban sa kanyang ama. Kinuha niya ang kanyang bahagi sa mana, tumalikod sa kanyang ama, at pumunta sa malayong lugar upang siya'y makaalis sa ilalim ng kapangyarihan ng kanyang ama.

3. Sa **Ilustrasyon 2 ng Tulay** (*sa itaas*), makikita natin na ganoon din ang nangyari sa ating mga unang magulang. Sila'y nagkasala laban sa Diyos; dahil dito, naputol ang kanilang malapit na relasyon sa Diyos. At tayong mga anak nila ay sumunod sa kanilang kasalanan at paglayo sa Diyos.




4. Ano ang ibig sabihin ng kasalanan?

***Isaias 53:6: Tayong lahat ay gaya ng mga tupang naligaw; bawat isa sa atin ay lumihis sa kanyang sariling daan; at ipinasan sa Kanya ng Panginoon ang lahat nating kasamaan.***

***1 Juan 3:4: Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din naman sa kautusan; at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan***.

5. Ang ginawa ng Alibughang Anak ay nagbibigay ng maliwanag na larawan kung ano ang tunay na kahulugan ng kasalanan: Ang kasalanan ay pagtalikod sa Diyos upang tayo'y lumakad sa sariling daan at sundin natin ang sarili nating kagustuhan (basahin natin ang Isaias 53:6). Ang mga makasariling kagustuhang ito ay labag at salungat sa mga utos ng Diyos (basahin natin ang 1 Juan 3:4).

6. Sa Biblia ay ibinigay ng Diyos ang SAMPUNG UTOS upang magsilbing sukatan at salamin para makita natin ang ating mga kasalanan. Pag-aralan natin ang tungkol sa tatlong kautusan.

(a) **HUWAG MAKIAPID.** Ayon kay Jesus, kailangan mo bang magkaroon ng pisikal na relasyon sa isang tao (na hindi mo asawa) upang magkasala ng pakikiapid? Basahin natin ang Mateo 5:27-28. Inaamin mo ba na minsan ay nagkaroon ka ng masamang nasa sa loob ng iyong puso para sa isang babae o lalake? Kung gayon, nakagawa ka ba ng kasalanan ng pakikiapid?

(b) **HUWAG PAPATAY.** Ayon kay Jesus, kailangan mo bang patayin sa katawan ang isang tao upang magkasala ng pagpatay? Ayon sa 1 Juan 3:15, kahit napoot ka lang sa puso mo laban sa ibang tao, anong kasalanan ang iyong nagawa? Inaamin mo ba na minsan ay napoot ka sa iyong puso laban sa ibang tao? Kung gayon, nakagawa ka ba ng pagkakasalang pagpapatay?

(c) **HUWAG MAGING BULAANG SAKSI (HUWAG MAGSINUNGA-LING).** Ayon sa Apocalipsis 21:8, banggitin kung sinu-sinong mga makasalanan ang pupunta sa impiyerno. Sino ang pinakahuli sa listahan? Ang sinungaling, di ba? Masasabi mo ba ng tapat na hindi ka kailanman

nagsinungaling?  Yamang ikaw ay nagsinungaling, saan ang iyong walang hanggang hantungan, ayon sa Apocalipsis 21:8?

7. Ilang tao ang nagkasala?   Basahin natin ang Roma 3:23.  Ayon sa talatang ito, ako ba ay kasama sa "lahat ay nagkasala"?  Ikaw ba ay kasama sa "lahat ay nagkasala"?

***Roma 3:23:  Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.***

8. Ano ang epekto ng kasalanan sa ating relasyon sa Diyos?  Basahin natin ang Isaias 59:2.  Ang kasalanan ay nagbubunga ng paghihiwalay sa Diyos at sa atin.  Ito ang nangyari sa Alibughang Anak.  Noong siya'y nagrebelde laban sa kanyang ama, napahiwalay siya sa kanyang ama.  Pero dapat nating liwanagin ang isang bagay:  Hindi ang ama ang humiwalay sa anak; ang anak ang siyang humiwalay sa ama.  Mahal pa rin ng ama ang kanyang anak; subalit ang anak ay lumayo at hindi na niya mararanasan ang pag-ibig ng kanyang ama.  Ito rin ang nangyayari sa atin kung tayo'y nagkakasala sa Diyos.  Humihiwalay tayo sa Diyos at tayo'y lumalagay sa isang lugar kung saan hindi na natin matatanggap ang pag-ibig at pagpapala ng Diyos.

***Isaias 59:2:  Ngunit pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng Kanyang mukha sa inyo, anupa't Siya'y hindi nakikinig.***

9. Ang Biblia ay nagbibigay ng babala that may kaparusahan ang kasalanan.  Basahin natin ang Roma 6:23.  Ano ang parusa sa kasalanan?  Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan.

***Roma 6:23:  Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.***

***Hebreo 9:27:  At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom.***

10. Ano ang ibig sabihin ng kamatayan?  Ang pisikal na kamatayan ay nangyayari kapag ang kaluluwa ay humiwalay sa katawan.  Subalit ang pisikal na kamatayan ay hindi siyang katapusan.  Ayon sa Apocalipsis 21:8, ang IKAWALANG KAMATAYAN ay naghihintay sa makasalanan; ang ikalawang kamatayan ay walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos sa lugar ng pagdurusang walang katapusan.

***Apocalipsis 21:8: Ngunit sa mga duwag, sa mga hindi nananampalataya, mga karumaldumal, mga mamamatay-tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan.***

**PANSARILING PAGSASABUHAY**

11. Malagim ang hinaharap ng makasalanan.  Alam mo ba kung papaano ka makakaiwas sa ikalawang kamatayan at kung paano ka makakatiyak na makakasama ka ng Diyos sa langit balang araw?  Ang susunod na aralin ay magpapakita sa atin kung papaano.

**SAULUHIN**

> **Roma 3:23 Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Roma 3:23**

## ARALIN 4

## SI CRISTO ANG TANGING DAAN

ITINAKDA NG BATAS NG DIYOS na dapat tayong parusahan dahil sa ating kasalanan. Ito'y nangahulugan na tayo ay mahihiwalay mula sa Diyos ng walang hanggan, maliban na lang kung may ipagkakaloob na paraan upang bayaran ang ating kasalanan. Ipinagkaloob ng Diyos ang tanging paraan sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Cristo Jesus.

1. Basahin nating muli ang kuwento ng **Alibughang Anak.**

2. Ang Alibughang Anak ay naging kapantay ng baboy at, sa huli, ay naging mas mababa pa kaysa baboy -- ni pagkain ng baboy ay walang magbigay sa kanya! Kapahamakan at kahirapan ang tiyak na patutunguhan ng kasalanan! Sa ganoong kalagayan, ano ang naisip ng Alibughang Anak? (Lucas 15:17-19)

3. Tulad ng Alibughang Anak, tayong lahat ay tumalikod at lumayo sa Diyos. Nalinlang tayo ng mga madayang pangako ni Satanas. Sabi ni Cristo, si Satanas ay magnanakaw, at ano ang tanging maaasahan nating gagawin ng magnanakaw?

***Juan 10:10: Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako (si Cristo) ay pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan.***

4. Subalit nagsisi ang Alibughang Anak. Ano ang ibig sabihin ng pagsisisi? Kung ang kasalanan ay pagtalikod at paglayo sa Diyos, ang pagsisisi ay pagharap na muli sa Diyos at muling paglapit pabalik sa Kanya. Ano ang pangako ng Diyos kung tayo'y magsisi?

***Isaias 55:7: Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at Kanyang kaaawaan siya; at sa aming Diyos, sapagkat Siya'y magpapatawad ng sagana.***

5. Ito ang Mabuting Balita ng Biblia – patatawarin tayo ng Diyos! Kahit gaano kalaki at kadami ng ating kasalanan, Diyos na rin ang gumawa ng **DAAN** upang tayo'y mapatawad. Ano ang Daang ginawa ng Diyos?

***Juan 3:16: Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.***


***Juan 1:29: Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kanya, at kanyang sinabi, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!"***

***1 Pedro 3:18: Sapagkat si Cristo man ay minsang nagdusa dahil sa mga kasalanan, ang isang matuwid dahil sa mga di-matuwid, upang kayo ay madala Niya sa Diyos. Siya ay pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu.***

***1 Corinto 15:3-4:  Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin ding tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, at Siya'y inilibing; at muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan*.**

***Ilustrasyon 3***

**SI CRISTO ANG TANGING DAAN**
**CHRIST THE ONLY WAY**




6. Itinakda ng batas ng Diyos: ang parusa sa kasalanan ay kamatayan (Roma 6:23; Apocalipsis 21:8). Tayong mga tao ang makasalanan, at tayo ang dapat parusahan ng kamatayan. Si Cristo ay walang kasalanan, subalit ibinigay Siya ng Diyos bilang ating Kapalit. Doon sa krus ay kinuha Niya ang ating lugar at doon ipinapasan sa Kanya ang lahat ng ating kasalanan; Siya'y namatay bilang kabayaran sa lahat ng ating kasalanan! (1 Pedro 3:18) Pero hindi Siya nanatiling patay; Siya'y muling nabuhay. Si Cristo ay nabubuhay ngayon, at Siya'y nakatayo bilang TANGING DAAN – bilang tanging Tulay – para sa tao upang sila'y makabalik sa Diyos. Ss puwang sa ibaba ay kopyahin ang Juan 14:6.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

7. Si Cristo ANG DAAN – ang Tulay – pabalik sa Diyos! Siya ang tanging Daan; wala ng iba. Pakitingnan ang **Ilustrasyon 3 ng Tulay**.

8. Sa mga puwang sa ibaba, ilista ang mga kasalanan na kino-convict ka ng Espiritu Santo. Hindi mo kailangang ipakita ito sa iba; ito'y Diyos at ikaw lamang ang nakakaalam. Pagkatapos na mailista mo ang mga kasalanan, ikumpisal ang mga ito sa Diyos at hingin ang Kanyang kapatawaran at paglilinis sa pangalan ni Cristo. Pagkatapos ng iyong kumpisal, isulat ng malalaking letra sa ibabaw ng listahan ang pangungusap na ito: BINAYARAN LAHAT NG DUGO NI CRISTO. Pagkatapos ay manalangin ng pasasalamat dahil sa katubusang tinamo ni Cristo sa krus para sa lahat mong kasalanan.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**SAULUHIN**

> **Juan 3:16 Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hangan. Juan 3:16**

## ARALIN 5

## ANG IYONG PASIYA

NAGHANDA ANG DIYOS NG DAAN upang tayo ay makabalik sa Kanya. Si Cristo, na Kanyang Anak, ay namatay sa krus upang bayaran ang lahat ng kasalanan natin. Siya'y nabuhay na muli, at Siya'y nabubuhay ngayon! At ngayon Siya'y nakatayo sa pagitan ng Diyos at tao bilang Siya ang tanging DAAN – ang tunay at buhay na TULAY pabalik sa Diyos!

1. Basahin nating muli ang kuwento ng **Alibughang Anak**.

2. Sinasaysay sa Lucas 15:20 ang tungkol sa pasiyang ginawa ng Alibughang Anak, "Siya'y tumindig at pumunta sa kanyang ama."

3. Ganito rin ang dapat mangyari sa atin. Sa nakaraang aralin ay nalaman natin na ang daan – ang tulay – pabalik sa Diyos ay yari at handa na. Anong mga hakbang ang dapat nating gawin upang makatawid sa tulay at upang makabalik sa Diyos? (Pag-aralan ang **Ilustrasyon 4 ng Tulay**.)


***Juan 5:24: Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang nakikinig ng Aking salita at sumasamplataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.***

4. Pag-aralan nating mabuti ang Juan 5:24 (sa itaas).
a) Anong dalawang aksiyon o hakbang ang hinihingi sa atin sa talatang ito?

b) Kung tayo ay MAKINIG at SUMAMPALATAYA, anong tatlong pagpapala ang tatanggapin natin?

- Tungkol sa NAKARAAN: Tayo'y lumipat na mula sa . . . . . . . . . . . . tungo . . . . . . . . . . . . .
- Tungkol sa HINAHARAP: Hindi na tayo darating sa . . . . . . . . . . . . . . . . . .
- Tungkol sa KASALUKUYAN: Mayroon na tayong . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Ilustrasyon 4*




5. Ayon sa Juan 1:12 dapat magkasama ang PAGSAMPALATAYA at PAGTANGGAP. Maraming mga tao ang nagsasabing sila'y sumasampalataya kay Cristo, subalit ayaw naman nilang tanggapin si Cristo bilang Hari ng kanilang buhay. Gamitin natin ang dalawang halimbawa.

**HARI AT KAHARIAN:** Ang puso natin ay tulad ng isang kaharian; sa loob ng ating puso ay may trono. Hulaan mo kung sino ang nakaupong hari? Si Haring AKO. Kung totoong tinatanggap ko si Cristo, handa ba ako na bumaba mula sa trono upang si Cristo na ang paupuin sa trono bilang Hari ng buhay ko?

**TSUPER AT KOTSE:** Ang buhay natin ay tulad sa isang kotse o sasakyan. Hulaan mo kung sino ang tsuper na nakahawak sa manobela? AKO! Bilang ako ang tsuper, ako ang masusunod kung saan ko dadalhin ang kotse. Kung totoong tinatanggap ko si Cristo, handa ba ako na isuko ang manobela kay Cristo upang Siya na ang mangunguna sa buhay ko?

6. Marami ang nag-aakala na lahat ng tao ay anak ng Diyos. Batay sa Juan 1:12, sino lang ang may karapatang tawaging mga anak ng Diyos?

***Juan 1:12: Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, na sumasam-palataya sa Kanyang pangalan, ay Kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos.***

7. Ano ang sabi ni Cristo tungkol sa mga taong ayaw sumampalataya sa Kanya, sino ang kanilang ama? (Juan 8:44)

***Juan 8:44: Kayo'y mula sa inyong amang diablo, at ang nais ninyong gawin ay ang kagustuhan ng inyong ama. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa sa simula, at hindi naninindigan sa katotohanan, sapag-kat walang katotohanan sa kanya. Kapag siya ay nagsasalita ng kasinungalingan, siya ay nagsasalita ayon sa kanyang sariling likas, sapagkat siya'y isang sinungaling at ama ng kasinungalingan.***

8. Pag-aralan nating mabuti ang Apocalipsis 3:20.

***Apocalipsis 3:20: Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, Ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo Ko.***

(a) Ano ang ginagawa ni Cristo sa pintuan ng ating puso?

(b) Ano ang hinihintay Niyang gawin natin?

(c) Kung bubuksan natin ang ating puso, ano ang pangako Niyang gagawin?

(d) Kapag pumasok na si Cristo sa buhay natin, ano ang gagawin Niya kasama natin?

9. Sa Biblia, ang pagsasalo sa pagkain ay sagisag ng relasyong hindi matatapos o mapapatid kailanman. Sa sandaling tinanggap natin si Cristo sa ating puso, Siya'y papasok upang maninirahan magpakailanman sa ating puso. At sasaluhan, hahatian Niya tayo sa lahat ng pangyayari na dumating sa ating buhay; at tayo naman ay sasaluhan natin Siya sa Kanyang buhay at mga pagpapala.

**PANSARILING PAGSASABUHAY**

10. Tiyak mo na bang tinanggap mo si Cristo bilang iyong sariling Panginoon at Tagapagligtas? Kailan? Kung hindi pa, ibig mo bang tiyakin ito ngayon din? Idalangin ang dalangin sa ibaba.

**Panginoong Jesus, ibig ko pong matiyak na Ikaw ay totoong nasa puso ko. Inaamin ko po na ako'y makasalanan; patawarin po ako sa lahat ng kasalanang nagawa ko laban sa Diyos. Naniniwala po ako na Ikaw ay namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at Ikaw ay nabuhay na mag-uli. Naniniwala po ako na Ikaw ay nabubuhay ngayon, at Ikaw ay kumakatok sa pintuan ng aking puso. Panginoong Jesus, binubuksan ko po ang aking puso at tinatanggap Kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Isinusuko ko na po sa Iyo ang trono at manobela ng aking buhay. Tulungan po ako na susunod na sa Iyo mula ngayon. Amen.**

**SALULUHIN**

> **Juan 1:12 Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya na sumasampalataya sa Kanyang pangalan ay Kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos. Juan 1:12**

## ARALIN 6

## KATIYAKAN NG LUBOS NA PAGTANGGAP

SA PAMAMAGITAN ni Cristo ang ating karapatan upang tayo'y tawaging mga anak ng Diyos ay naibalik. Halos hindi mapigilan ni apostol Juan ang kanyang sarili noong pinag-isipan niya ang dakilang kaloob na ito. "Masdan ninyo kung anong uri ng pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y matawag na mga anak ng Diyos; at tayo'y gayon nga!" (1 Juan 3:1) Ang araling ito ay magpapakita sa atin kung paano natin mapapasimulang lasapin ang pagpapala ng natatanging relasyong ito.

1. Basahin nating muli ang kuwento ng **Alibughang Anak**. Pag-aralan din natin ang **Ilustrasyon 5 ng Tulay.**

2. Noong bumalik ang Alibughang Anak ay ipinakita ng ama ang kanyang malaking pag-ibig, sa pamamagitan ng anong tatlong kaloob? (Lucas 15:22)

3. Ang tatlong kaloob na ito – damit, singsing, sandalyas – ay may mahalagang kahulugan sa buhay ng Kristiyano. Tingnan natin ang unang kaloob – ang bagong damit.

4. Pagkatapos na nagkasala si Adan at si Eva, ano ang ginamit nilang damit upang pagtakpan ang kanilang kahihiyan?

***Genesis 3:7: At parehong nabuksan ang kanilang mga mata, at nalaman nilang sila'y mga hubad. Magkasama silang nagtahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panakip.***


5. Paano ipinakita ng Diyos kay Adan at Eva na hindi katanggap-tanggap ang damit na gawa-gawa lang nila?

***Genesis 3:21: At iginawa ng Panginoong Diyos si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila'y dinamitan.***

6. Mula noong panahon ni Adan at ni Eva, patuloy na sinisikap na makuha ng mga tao ang lubos na pagtanggap ng Diyos sa pamamagitan ng sariling gawa-gawang damit ng kanilang mabubuting gawa. Pero tulad ng gula-gulanit at mabahong damit ng Alibughang Anak, ano ang tingin ng Diyos sa mabubuting gawa at kabanalan ng tao?

***Isaias 64:6: Kaming lahat ay naging gaya ng isang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang maruming kasuotan.***

*Ilustrasyon 5*



7. Ang **BAGONG DAMIT** ay kaloob ng ama sa kanyang Alibughang Anak. Bago nagbalik ang Alibughang Anak ay hindi niya sinabi, “Kailangang bumili muna ako ng bagong damit at isuot ito upang tanggapin ako ng aking ama.” Hindi; nagbalik siya at humarap siya sa kanyang ama sa kanyang kalagayan at hitsura na marumi at mabaho. Ganoon din tayo ngayon sa ating pagbabalik sa Diyos. Hindi sinasabi ng Diyos, “Linisin mo muna ang iyong sarili, magsuot ka muna ng malinis na damit bago kita tanggapin.” Sa halip, sinasabi ng Diyos sa atin: “Halika na ngayon din, sa iyong kasalukuyang kalagayan; ako mismo ang maglilinis sa iyo at ako mismo ang magbibigay ng bagong damit sa iyo.” Mula sa Biblia, basahin natin ang Mateo 22:1-14. Bakit inihagis sa labas ang isang panauhin? Kasi, ang suot niya ay sariling damit at hindi ang damit pangkasalan na kaloob ng hari.

8. Ang damit na ipinagkaloob ng Diyos kay Adan at Eva, at ang bagong damit na kaloob ng ama sa Alibughang Anak ay simbolo ng walang bayad na kaligtasan at kapatawaran na kaloob ng Diyos batay lamang sa kanyang biyaya at kagandahang loob. Ang damit na kaloob ng Diyos ay walang iba kundi ang perpektong kabanalan at katuwiran ni Cristo na Kaniyang tinamo sa pamamagitan ng Kanyang perpektong buhay bilang tao dito sa lupa. Sa sandaling tayo ay sumampalataya kay Cristo, ang Kanyang perpektong kabanalan ay ibinabalot sa atin. At batay lamang sa kabanalan ni Cristo, tayo ay binibigyan ng Diyos ng KATIYAKAN NG LUBOS NA PAGTANGGAP sa Kanyang harapan. Kopyahin at isulat sa puwang ang mga talata sa ibaba.

**Efeso 2:8-9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .**

**Tito 3:5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .**

**Filipos 3:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .**

9. Inuulit natin: Tayo’y naligtas at pinatawad hindi dahil sa ating mabubuting gawa o sariling kabaitan, kundi dahil sa biyaya ng Diyos lamang. Pero maraming tao ang may ganitong maling akala. Halimbawa, tuwing Biyernes Santo, maraming nagpepenitensiya sa pamamagitan ng pagpapalo sa kanilang sarili, o kaya’y nagpapapako sila sa krus. Kung tanungin sila bakit ginagawa ang pagpapahirap na ito sa kanilang katawan, isasagot nila, “Para bayaran ang aking mga kasalanan.” Mali! At masahol pa sa mali; ito’y insulto kay Cristo na namatay sa krus upang bayaran ang kasalanan ng buong sanlibutan. Kung sasabihin mo, na babayaran mo ang iyong kasalanan sa pamamagitan ng iyong penitensiya, para mo na ring sinasabi kay Cristo: “Panginoon, kulang ang ibinayad Mo sa krus.” Ano ang sabi ng Juan 1:29 at Hebreo 10:10?

***Juan 1:29: Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kanya, at kanyang sinabi, “Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!”***

***Hebreo 10:10: At sa pamamagitan ng kalooban Niya tayo’y ginawang banal sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Cristo minsan magpakailanman.***

10. Pag-aralan natin ang halimbawa ni apostol Pablo. Mula sa Biblia, basahin natin ang Filipos 3:4-9 at 1 Corinto 15:10.

(a) Ano ang mga katangian at mabubuting gawa na puwedeng ipagyabang ni apostol Pablo? (Filipos 3:4-6)

(b) Subalit sa harap ng Diyos, ano ang halaga ng mga katangian at mabubuting gawang ito? (Filipos 3:7-8)

(c) Sa halip na magtiwala siya sa sariling katuwiran at kabanalan, kanino lamang siya nagtiwala upang siya'y tanggapin ng Diyos? (Filipos 3:9)

(d) Sa 1 Corinto 15:10 sinabi ni apostol Pablo na kompara sa ibang mga apostol, siya marahil ang mas maraming nagawa sa pagmimisyon. Pero kanino niya ibinigay ang kapurihan?

**PANSARILING PAGSASABUHAY**

11. Lagi nating pakatatandaan, sapul sa simula hanggang sa wakas ng ating buhay Kristiyano, ang TANGING BATAYAN ng pagtanggap sa atin ng Diyos ay ang biyaya ng Diyos at kabanalan ni Cristo lamang, at hindi sa anumang mabubuting gawa at kabanalan natin.

12. Naisuot mo na ba ang iyong BAGONG DAMIT? Nagtitiwala ka pa rin ba sa sarili mong kabutihan at mabubuting gawa? O nagtitiwala ka na lang sa kabanalan ni Cristo?

**SAULUHIN**

> **Efeso 2:8-9 Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki. Efeso 2:8-9**

## ARALIN 7

## KATIYAKAN NG<br>PAGIGING ANAK NG DIYOS


DAHIL SA KASALANAN, napaniwala tayo ni Satanas upang magkaroon ng kaisipang tayo'y mga alipin. Sa sandaling tayo'y ipanganak na muli bilang Kristiyano, ipinagkakaloob sa atin ng Espiritu Santo ang katiyakan na tayo'y mga anak ng Diyos. "Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot, kundi tumanggap kayo ng espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y tumatawag tayo, 'Abba! Ama!' Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu na tayo'y mga anak ng Diyos. At kung mga anak, ay mga tagapagmana rin, mga tagapagmana ng Diyos, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo." (Roma 8:15-17)

1. Basahin nating muli ang kuwento ng **Alibughang Anak**.

2. Pinagkalooban ng ama ng tatlong kaloob ang nagbalik-loob na Alibughang Anak – bagong damit, bagong singsing, bagong sandalyas. Noong nakaraang aralin ay tinalakay natin ang kahulugan ng BAGONG DAMIT sa buhay ng Kristiyano. Ngayon naman ay pag-uusapan natin ang kahulugan ng BAGONG SINGSING. (Pag-aralan ang **Ilustrasyon 6 ng Tulay**.)

ILUSTRASYON 6

**Ilustrasyon 6**




**KATIYAKAN NG PAGLAPIT**

3. Ang SINGSING ay simbolo ng katungkulan at kapangyarihan ng isang anak. Napapaloob dito ang KATIYAKAN NG PAGLAPIT. Mula sa Biblia, basahin natin ang Efeso 2:13, 17-18 at Hebreo 10:19-22.

(a) Ayon sa Efeso 2:13, 17-18, noong hindi pa tayo Kristiyano tayo ay malayo sa Diyos; pero ano ang ginawa ni Cristo para sa atin? Kaya anong karapatan ang taglay natin ngayon? (Efeso 2:18)

(b) Ayon sa Hebreo 10:19-22, ano ang batayan ng kalayaan nating lumapit sa Diyos ngayon?

4. Dahil sa suot nating SINGSING, anong paanyaya ang dapat lagi nating samantalahin?

**Mateo 11:28** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Hebreo 4:16** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**KATIYAKAN NG TUGON SA PANGANGAILANGAN AT TUGON SA PANALANGIN**

5. Ang pangalawang kahulugan ng SINGSING ay magkakambal na katotohanan: KATIYAKAN NG TUGON SA PANGANGAILANGAN AT TUGON SA PANALANGIN.

(a) Dahil ang Diyos ay ating Ama at tayo'y mga anak Niya, ano ang pangako ng Diyos tungkol sa ating mga pangangailangan? (Mateo 6:25-34; Filipos 4:19)

(b) Ano ang paraang ibinigay ng Diyos upang makamtan natin sa Kanya ang mga pantugon sa ating mga pangangailangan? (Mateo 7:7-11; Juan 16:24; Filipos 4:6-7)

(c) Kung tayo ay humaharap sa mga pangangailangan o problema o panganib, alalahanin natin ang suot na SINGSING, na nagbibigay sa atin ng katiyakan na ipagkakaloob ng Diyos ang lahat ng ating kailangan at sasagutin Niya ang ating dalangin. Sa puwang sa ibaba, kopyahin ang Roma 8:32.

**KATIYAKAN NG TAGUMPAY**

6. Ang pangatlong kahulugan ng SINGSING ay ang KATIYAKAN NG TAGUMPAY laban kay Satanas at sa mga tukso. Huwag kang matakot, pero dapat mong malaman na mula noong tinanggap mo si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas, si Satanas ay talagang nagalit. Basahin natin ang 1 Pedro 5:8-10.

(a) Ano ang dapat nating alalahanin tungkol sa ugali ni Satanas? (1 Pedro 5:8)
(b) Ano ang dapat maging saloobin at aksiyon natin laban kay Satanas? (1 Pedro 5:9)

(c) Ano ang laging maaasahan natin sa Diyos? (1 Pedro 5:10)

7. Ang mga tukso ay tiyak na darating. Ayon sa 1 Corinto 10:13:

(a) Kakaiba ba ang mga tuksong dumarating sa atin kaysa tuksong dumarating sa ibang tao?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(b) Ano ang tinitiyak ng Diyos tungkol sa tindi ng tuksong papayagan Niyang dumating sa atin?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(c) Ano ang matitiyak nating ibibigay din ng Diyos kalakip ng tukso?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**KATIYAKAN NG RELASYON**

8. Marami pang ibang kahulugan ang SINGSING. Babanggitin natin ang isa pang kahulugan: KATIYAKAN NG RELASYON. Ano ang naiisip natin kung nababanggit ang singsing? Hindi ba, kadalasan ang singsing ay simbolo ng relasyon ng pag-ibig ng nobyo at nobya? Sa buhay Kristiyano, ang singsing ay nagpapaalaala sa atin ng relasyon ng pag-ibig sa pagitan natin at ng Diyosn. Ang singsing ay nagbibigay ng katiyakan na hindi kailanman mauubos o mapapatid o magbabago ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Dahil dito, ang singsing ay nagbibigay ng hamon na ibigin din natin ang Diyos at ang kapwa.

9. Ano ang natitiyak natin tungkol sa pag-ibig ng Diyos?

(a) Jeremias 31:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(b) Juan 13:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(c) Roma 8:38-39 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(d) Hebreo 13:5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

10. Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa atin, ano ang dapat maging bunga nito sa ating buhay?

(a) 1 Juan 4:19. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(b) 1 Juan 3:16-18 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(c) Juan 13:34-35 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. Dahil sa ating relasyon ng pag-ibig kay Cristo, ano ang dapat maging udyok at dahilan ng ating pagsunod sa Kanyang mga utos? (Juan 14:21-24; 15:9-10)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

12. Ang iglesiya sa Efeso ay masipag sa paglilingkod at matapat sa katotohanan (basahin ang Apocalipsis 2:1-3).

(a) Subalit anong pinakamahalagang bagay ang napabayaan nila? (Apocalipsis 2:4-5)

(b) Ano ang dapat nating panatilihin at pagyamanin sa ating relasyon sa Panginoon? (Marcos 12:29-30)

**PANSARILING PAGSASABUHAY**

13. Ito ang hamon sa atin ng BAGONG SINGSING na kaloob ng Diyos sa atin: Susunod ba tayo kay Cristo at maglilingkod ba tayo sa Kanya dahil sa gantimpala o papuri ng tao na matatanggap natin? O susunod at maglilingkod ba tayo dahil lamang sa ating pagmamahal sa Kanya?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**SAULUHIN**

> **Marcos 12:30 Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas mo. Marcos 12:30**

## ARALIN 8

## ANG LAKAD NG ANAK NG DIYOS

KAYLAKING pribilehiyo para sa atin na tayo'y tawagin upang maging mga anak ng Diyos. Pero pinaaalalahanan din tayo ng Biblia na ang pribilehiyong ito ay may kalakip na responsibilidad, na tayo ay lumakad ng karapat-dapat sa ating mataas na kalagayan. "Kaya't ako na bilanggo sa Panginoon ay nagsusumamo sa inyo na kayo'y lumakad ng nararapat sa pagkatawag na sa inyo'y itinawag." (Efeso 4:1)

1. Basahin natin minsan pa ang kuwento ng **Alibughang Anak**.

2. Tatlong kaloob ang ibinigay ng ama sa Alibughang Anak. Napag-aralan na natin ang kahulugan sa buhay Kristiyano ng BAGONG DAMIT at ng BAGONG SINGSING. Ngayon, pag-aaralan natin ang kahulugan ng BAGONG SANDALYAS. (Pag-aralan ang **Ilustrasyon 7 ng Tulay**.)

3. Sa buhay natin bilang mga anak ng Diyos, ang SANDALYAS ay sumasagisag sa bagong buhay at bagong lakad ng isang Kristiyano. Basahin natin ang 2 Corinto 5:17 at Efeso 4:17-24.

4. Sa bagong buhay at bagong lakad ng isang Kristiyano, may APAT NA PANGUNAHING UGALI na dapat mong laging sisikaping maisagawa.

**SALITA NG DIYOS**

5. Kailangan ng Kristiyano ang magkaroon ng palagiang pagtanggap ng Salita ng Diyos. Mula sa mga talata sa ibaba, ano ang gamit ng Salita ng Diyos sa iyong buhay bilang Kristiyano?

(a) 1 Pedro 2:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .


(b) Mateo 4:4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(c) Gawa 20:32 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(d) Efeso 6:17 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(e) Awit 119:105 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Ilustrasyon 7*




6. Ayon kay Cristo ano ang isang palatandaan ng tunay na alagad Niya? (Juan 8:31)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

7. Anong magandang halimbawa ang dapat nating gayahin sa mga taga-Berea? (Gawa 17:11)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**PANALANGIN**

8. Ang pangalawang pangunahing ugali ng Kristiyano ay ang panalangin. Ang Diyos ay nangungusap sa atin sa pamamagitan ng Biblia; at tayo naman ay nakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Mula sa mga talata sa ibaba, ano ang mga gamit ng panalangin?

(a) Juan 16:24 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(b) Lucas 18:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(c) Filipos 4:6-7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(d) Awit 95:6-7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(e) Awit 107:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

9. Ayon sa halimbawang ibinigay ng Panginoon sa atin, anong mga bagay ang dapat nating isama sa ating panalangin? (Mateo 6:9-13)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**PAKIKISAMA**

10. Bilang Kristiyano, tayo ay magkakasamang miyembro ng Pamilya ng Diyos. Ayon kay Cristo, ano ang isa pang palatandaan ng tunay na alagad Niya? (Juan 13:34-35; 15:12)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

11. Anong ugali ang dapat huwag kaligtaan ng mga Kristiyano? (Hebreo 10:24-25)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

12. Ano ang mga bagay na ginawa ng mga unang Kristiyano kung sila'y nagsasama-sama? (Gawa 2:41-47)

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**PAGPAPATOTOO**

13. Marami pang tao ang hindi nakakakilala kay Cristo. Sila'y tulad ng Alibughang Anak na kailangan ding magbalik-loob sa Diyos. Dapat din natin silang sabihan tungkol kay Cristo; dapat din natin silang anyayahan sa simbahan o sa pag-aaral ng Biblia. Ang tawag sa gawaing ito ay PAGPAPATOTOO. Ano ang sabi ng mga talata sa ibaba tungkol sa ugaling ito ng pagpapatotoo?

(a) Marcos 5:19 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

(b) Gawa 1:8 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**PANSARILING PAGSASABUHAY**

14. Humingi ng payo sa iyong guro sa Biblia kung papaano mo maisasagawa nang mas mahusay itong APAT NA PANGUNAHING UGALI ng Kristiyano. Tanungin din siya kung paano ka puwedeng makasama sa isang "cell group" upang patuloy na mapag-aralan ang mga ugaling ito: **Salita ng Diyos, Panalangin, Pakikisama, Pagpapatotoo**.


**SAULUHIN**

**Juan 8:31 – Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa mga Judiong sumampalataya sa kanya, "Kung kayo'y manatili sa aking salita, tunay ngang kayo'y mga alagad ko." Juan 8:31**

## ARALIN 9

## ANO ANG BUOD NA PAKSA NG BIBLIA?

**LAYUNIN NG PAG-AARAL:**
***Tuklasin ang plano ng Diyos patungkol sa kaligtasan, sang-ayon sa pahayag ng Biblia mula Genesis hanggang Apocalipsis.***




PAUNAWA SA GURO:
Mahabang aralin ito, kaya baka mas gusto ninyo na talakayin ito sa loob ng 2 o 3 miting, depende sa kagustuhan ng klase.

## BAHAGI 1: PERPECTONG SIMULA

Ang Biblia ay kasaysayan ng unti-unting paghahayag ng plano ng Diyos patungkol sa kaligtasan. Pagbukas natin sa unang kabanata ng unang aklat ng Biblia, mababasa natin ang tungkol sa perpektong sangnilikha, isang perpektong langit at perpektong lupa.

***"Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa … Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti"*** (Genesis 1:1, 31).

Subalit pagbukas natin sa huling aklat ng Biblia, sa Apocalipsis, ganito ang mababasa natin:

***"At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa; sapagkat ang unang langit at ang unang lupa ay lumipas na, at ang dagat ay wala na"*** (Revelation 21:1).

Hindi ba lubhang magkakontra ang dalawang pangungusap na ito, sa pasimula at wakas ng Biblia? Di natin maiiwasan ang magtanong: "Bakit, anong nangyari??"

Anong dahilan kung bakit kailangang gumawa ng panibagong langit at panibagong lupa ang Diyos? Anong nangyari sa unang perpektong langit at lupa sa simula? (Pag-aralan ang larawan sa itaas.)

Ang kasaysayan ng Biblia ay kasaysayan kung paano kumilos ang Diyos upang ibalik at isaayos ang bagay na nasira at nawala. Ito'y kasaysayan tungkol sa napakalaking halaga na dapat bayaran para maibalik ang lahat, at kung paanong hindi nag-atubili ang Diyos na akuin ang malaking halaga dahil lamang sa Kanyang dakilang pag-ibig sa sangkatauhan.

Sa pasimula, nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan lamang ng Kanyang Salita. Nagsalita ang Diyos, "Magkaroon ng ganito o ganoon!" At ayon sa Kanyang salita, lumitaw ang kalangitan na naglalaman ng di mabilang na mga planeta, mga bituin, at mga galaksi. At sa daigdig naman, lumitaw ang lahat ng uri ng nilalang na pumuno sa mga ilog at karagatan, sa kaparangan at kabundukan, at sa kalawakan ng himpapawid.

Pero noong nilikha ng Diyos ang pinakamahalagang nilalang Niya, ang tao, ay hindi lamang Siya nagsalita. Siya'y lumuhod at yumuko upang dakutin ang lupa na binuo at nilinang ng sarili Niyang mga kamay.

Genesis 1:26-28:
***26 Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."***
***27 Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae.***
***28 Sila'y binasbasan ng Diyos at sa kanila'y sinabi ng Diyos, "Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at supilin ninyo ito. Magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa."***

Genesis 2:7, 8, 9, 16, 17, 21, 22:
***7 At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa.***
***8 Naglagay ang PANGINOONG Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay niya roon***
***ang taong kanyang nilalang. 9 At pinatubo ng PANGINOONG Diyos sa lupa ang lahat ng***
***punungkahoy na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.***
***16 At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinabi, "Malaya kang makakakain mula sa lahat***
***ng punungkahoy sa halamanan, 17 subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at***
***masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka."***
***21 Kaya't pinatulog nang mahimbing ng PANGINOONG Diyos ang lalaki, at habang siya'y natutulog,***
***kinuha niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon; 22 at ang***
***tadyang na kinuha ng PANGINOONG Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa***
***lalaki. 23 At sinabi ng lalaki,***

***"Sa wakas, ito'y buto ng aking mga buto***
***at laman ng aking laman.***
***Siya'y tatawaging Babae,***
***sapagkat sa Lalaki siya kinuha."***
***24 Kaya't iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at pumipisan sa kanyang asawa; at sila'y nagiging isang laman.***
***25 Ang lalaki at ang kanyang asawa ay kapwa hubad, ngunit sila'y hindi nahihiya.***

**NILIKHA SA LARAWAN NG DIYOS, GINAWANG TAGAPAMAHALA**

Si Adan at si Eva ay nilalang upang maging tagapamahala ng daigdig na nilkha ng Diyos. Dahil dito, sila'y nilikha ayon sa larawan ng Diyos, at sila'y pinagkalooban ng mga katangiang higit at bukod sa lahat ng iba pang nilalang.

- ESPIRITWAL NA BAHAGI. Si Adan at si Eva ay may pisikal na katawan na nagtataglay ng mga katangiang natutulad sa ibang nilalang. Bukod sa pisikal, pinagkalooban sila ng Diyos ng espritwal na bahagi, na tinawag sa Bagong Tipan na kaluluwa at espiritu (1 Tesalonica 5:23).

- MALAYANG PASIYA. Higit sa lahat, si Adan at si Eva ay pinagkalooban ng malayang pasiya, kasabay ng kaisipan at damdamin at emosyon. Ang mga bituin at mga planeta ay kusang sumusunod sa pisikal na batas na nagpapanatili sa kanilang pag-inog sa kalangitan. Ang mga hayop at mga halaman ay gayundin, sila'y sumusunod sa natural na hilig ng kanilang kalikasan. Pero kakaiba ang mga tao sa dahilang sila'y may kakayahan at kalayaang magpasiya at pumili. Ang malayang pasiya ng tao ay kailangan nila upang hindi sila maging katulad lamang ng robot. Dahil may malayang pasiya ang tao, maaari siyang makipag-ugnayan sa Diyos sa relasyon ng pag-ibig at pagsasamahan. Kung tutuusin, parang gumawa ng malaking pagsasapalaran ang Diyos noong binigyan Niya ang tao ng malayang pasiya. Kasi nga, puwedeng sumagot ang tao ng "oo" o "hindi" mismo sa Diyos. Sa katunayan, ayon sa Genesis 2:16,17, sapul mula ay binigyan na ng Diyos ang tao ng pagkakataon upang gamitin ang kanyang kalayaan at kakayahang pumili.

- PERPECTONG KAPALIGIRAN. Si Adan at Eva ay inilagay sa perpektong kapaligiran sa Hardin ng Eden, kung saan lahat ng kailangan nila ay natugunan. Ang iba't ibang pungkahoy sa hardin ay naglalarawan ng iba't ibang kailangan nila; ang mga ito'y naglalarawan din ng mga pantugong kaloob ng Diyos para sa mga pangangailangang iyon – pangkatawan, pangkaisipan, pang-emosyonal at pang-espiritwal at maging pangangailangang pangwalang-hanggan. Basahin natin ang Genesis 2:8-9 (balikan sa itaas).

1. Para sa ***pangangailangang pangkatawan,*** ipinagkaloob ng Diyos ang mga punongkahoy na pangpagkain.

2. Para sa ***pangangailangang pangkaisipan,*** ipinagkaloob ng Diyos ang mga punongkahoy na kaayaaya sa paningin, sumasagisag sa lahat ng bagay na matatagpuan sa kalikasan na puwedeng pag-isipan at pag-aralan at panoorin ng tao, na sa pamamagitan ng mga ito ay mapuspos ng kagalakan ang kanilang kaisipan at emosyon.

3. Para sa ***pangangailangang pang-moral,*** itinanim ng Diyos ang punongkahoy ng pagkakilala sa mabuti at masama, upang magkaroon ng pagkakataon ang tao upang gamitin ang kakayahan nila sa malayang pagpapasiya at pagpili.

4. Para sa ***pangangailangang espiritwal*** at sa ***panganilangan na magkaroon ng walang hanggang kahugulan sa buhay,*** ibinigay ng Diyos ang punongkahoy ng buhay na nagtataglay ng pangako ng buhay na walang hanggan. Hindi ba't lubhang kamangha-mangha ang lahat ng ito? Ang Diyos na lumikha sa tao at inilagay sa kanyang kalikasan ang iba't ibang pangangailangan, ang Diyos ding ito ang lumikha ng lahat ng mga bagay na tutugon sa mga pangangailangang iyan!

5. Ang tao ay may pangangailangan din sa ***pag-ibig, pakikisama sa iba, at relasyon***. Papaano tinugon ng Diyos ang mga pangangailangang iyan? Tinugon ng Diyos ang pangangailangan ng tao para sa pag-ibig sa pamamagitan ng pag-aasawa, pamilya, at lipunan. (Genesis 2:18, 21-25)

- KATUNGKULAN UPANG MAMAHALA. Yamang sinangkapan ng Diyos ang tao ng kaisipan, emosyon, malayang pasiya, at kaluluwa at espiritu, inilagay ng Diyos ang tao sa katungkulan bilang tagapamahala ng buong sangnilikha.

Iyan ang larawan na ibinibigay ng Biblia tungkol sa perpektong kalagayan ng lahat ng bagay noong pasimula. Makikita natin si Adan at Eva, bilang dalawang perpektong tao, na inilagay sa isang perpektong kapaligiran, at pinagkatiwalaan ng perpektong gawain bilang mga tagapamahala sa perpektong daigdig. At sapul mula, ang dalawang perpektong tao ay nagtataglay ng perpektong relasyon sa Diyos.

**BAHAGI 2: PUMASOK ANG GULO SA PARAISO**

Pero hindi nagtagal bago pumasok ang malaking gulo sa Paraiso. Pumasok sa Hardin ng Eden ang Manunukso sa anyong ahas. Inilalantad ng Biblia ang tunay na kalikasan ng Manunukso sa Apocalipsis 12:9:

***" … ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diyablo at Satanas, ang mandaraya sa buong sanlibutan…."***

Papaano ba nakapasok ang malaking gulo sa Paraiso? Basahin natin ang Genesis 3:1-8:

Ang ahas nga ay higit na tuso kaysa alinman sa mga mailap na hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Diyos. Sinabi niya sa babae, "Sinabi ba ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?'"

***2 At sinabi ng babae sa ahas, "Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa halamanan;***
***3 subalit sinabi ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang bunga ng punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi kayo'y mamamatay.'"***
***4 Subalit sinabi ng ahas sa babae, "Tiyak na hindi kayo mamamatay.***
***5 Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."***
***6 Kaya't nang makita ng babae na ang bunga ng punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at siya'y kumain.***
***7 At parehong nabuksan ang kanilang mga mata, at nalaman nilang sila'y mga hubad. Magkasama silang nagtahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panakip.***

***8** Narinig nila ang tinig ng Panginoong Diyos na lumalakad sa halamanan sa malamig na bahagi ng maghapon. Nagtago ang lalaki at ang kanyang asawa sa Panginoong Diyos sa mga punungkahoy sa halamanan.*

Maraming nagtatanong, “Bakit kasi itinanim pa ng Diyos ang punongkahoy ng Pagkakilala sa Mabuti at Masama samantalang ipagbabawal naman pala ito? At bakit pinayagan ng Diyos na pumasok si Satanas upang tuksuhin si Eva?”

Oo, dapat nating tanggapin na ang makataong isip natin ay masyadong mababaw at makitid upang maintindihan ang mga dahilan ng Diyos kung bakit ginawa Niya at pinayagan ang mga bagay na iyan. Sapat na sa atin na isipin na hindi nilikha ng Diyos ang tao upang maging mistulang robot lamang. Ibinigay ng Diyos kay Adan at Eva ang kakayahan at kalayaan upang magpasiya at gumawa ng pagpili. Walang malayang pasiya at pagpili kung hindi mo siya bibigyan ng pagkakataon at kalayaan na gumawa ng pagpili at pasiya.

Pinili ni Adan at Eva na suwayin ang utos ng Diyos, at dahil sa kanilang pagsuway ay pumasok ang kasalanan sa buhay ng sangkatauhan at sa kasaysayan ng mundo.

Pero ano nga ba ang masama kung kumain sila sa bunga ng Punongkahoy ng Pagkakilala sa Mabuti at Masama? Nabubunyag kung ano ang dahilan kung bakit masama iyon, mula sa tunay na pakay ng tukso ni Satanas. Suriin natin kung ano ang sabi ni Satanas. Sabi niya,“Sa oras na kumain kayo sa bawal na bunga, kayo ay magiging katulad ng Diyos, at makikilala ninyo kung ano ang mabuti at masama.”

Unang una, kapag kumain sila sa bawal na bunga, tahasang sinusuway na nila ang maliwanag na utos ng Diyos na ipinagbabawal ito. Pero, ang talagang mas masahol ay ito, sa kanilang aksiyon na kumain sa bawal na bunga ay inagaw nila para sa kanilang sarili ang karapatan at kapangyarihan upang sila na ang magpasiya kung ano ang mabuti at masama para sa kanilang sarili. Sa ganitong paraan, hindi na nila kailangan ang tulong ng Diyos sa bagay na ito. Diyos lamang ang tunay na may karapatang magpasiya kung ano ang mabuti at masama. Sa halip, inagaw ni Adan at Eva ang karapatang ito; ibig sabihin, ginawa nila ang kanilang sarili bilang Diyos. Sa ibang salita, sila’y naging diyos na sa ganang kanilang sarili, at sila na ang may kapangyarihang magdeklara kung ano ang mabuti at masama.

Gamitan natin ng isang halimbawa:




Sa loob ng puso ni Adan at Eva ay may isang trono. Sa tronong iyan, tanging Diyos lamang ang may karapatang umupo bilang Hari, sapagkat siya ang Manlilikha, May-ari, at Panginoon ng lahat ng Kanyang nilikha. Noong kinain ni Adan at Eva ang bawal na bunga, pinatalsik nila ang Diyos mula sa trono sa sa halip ay ang SARILI nila ang umupo bilang hari ng kanilang buhay. Ito ang puno’t dulo at kahulugan ng kasalanan. Sa English ang kasalanan ay “S-I-N”; anong letra ang nasa gitna? Ang letrang “I” (SELF), sa Tagalog, “AKO” (SARILI). Kung gayon, ang kasalanan ay pagdeklara na si “AKO” (“I”) ang hari/reyna, at ito ang aking mayabang na pahayag sa lahat:

“Ako ang Hari/Reyna na buhay ko. Ako ang magpapasiya kung ano ang aking gagawin, kung kailan ko gagawin ito, kung saan ko gagawin ito, at wala akong pakialam kung ano ang sasabihin ng Diyos o ng ibang tao, at wala akong pakialam kahit sinong masagasaan basta masunod ko lang ang gusto ko!”

Ang kasalanan ay pagrebelde laban sa Diyos. Ang kasalanan ay pagdeklara na ako’y independente sa Diyos. Hindi ko kailangan ang Diyos! At isinalin ni Adan at Eva sa lahat ng kanilang mga anak (kasama na tayo diyian) ang espiritung ito ng pagiging rebelde, independente, at makasarili.

At ano ang nagging resulta ng kasalanan ni Adan at Eva? Kasama sa dagliang mga resulta ay ang mga sumusunod:

HIYA AT PAGKUKUNWARI SA HARAP NG IBA. Nakita ni Adan at Eva na sila’y hubo’t hubad, at gumawa sila ng pantakip sa kanilang sarili upang itago ang kanilang kahihiyan sa isa’t isa. Ang mga dalubhasang guro ng Biblia ay naniniwala na bago nahulog sa kasalanan si Adan at Eva, sila ay nababalutan ng kaluwalhatiang mula sa Diyos na wari isang ulap na nagsisilbing damit. Dahil diyan hindi sila nakaramdam ng hiya o pagkukunwari kundi bagkus ay kumpletong bukas ang kalooban nila sa isa’t isa at kumpleto ang pagtanggap nila sa isa’t isa. Pero ora mismo ng kanilang pagkahulog sa kasalanan, ang maluwalhating ulap na bumabalot sa kanila ay biglang naglaho kasabay ng kanilang bukas na kalooban at pagtanggap sa isa’t isa. Tanging naiwan sa kanila ay ang damdamin ng kahihiyan at pagnanais na magtago at maghanap ng pantakip sa kanilang kahubdan. Mula noon, natuto silang mahiya at magkunwari sa isa’t isa.

SUMBAT NG BUDHI AT PAGKAHIWALAY SA DIYOS. Pagkatapos nilang kumain sa bawal na bunga, naramdaman nila ang sumbat ng kanilang budhi at nakaramdam sila ng takot at hiya sa Diyos, na anupa’t nagsumikap silang magpakalayo sa Diyos. Ang damdaming ito ng pagtakas palayo sa Diyos ay naisalin nila sa lahat ng kanilang mga anak.

SAKIT, PAGKABULOK, AT KAMATAYAN. Sa pamamagitan ng kasalanan ni Adan at Eva, pumasok sa daigdig ang sakit, pagkabulok, at kamatayan. Maraming nagsasabi, “Pero bakit nanatiling buhay si Adan at Eva pagkatapos na kumain sila ng bawal na bunga?” Isang tanong: “Kapag tinigpas mo ang isang sanga mula sa puno, sa tingin mo ba’y buhay, sariwa at luntian pa rin ang mga dahoon ng tinigpas na sanga?” Oo, parang buhay at sariwa pa rin ang dahoon; pero alam mo na patay na ang tinigpas na sanga sa oras ding iyon na naputol ang kanyang koneksiyon sa puno. Ganoon din ang nangyari kay Adan at Eva. Sa pisikal na katawan nila, nanatili pa rin silang buhay pagkatapos na kumain sila sa bawal na bunga. Subalit ang hatol ng kamatayan ay bumagsak na sa kanila. Sapagkat ayon sa Biblia, ang kamatayan ay nararanasan sa tatlong antas:

ANTAS 1: ESPIRITWAL NA KAMATAYAN. Si Adan at Eva ay agad nakaranas ng espiritwal na kamatayan o pagkahiwalay mula sa Diyos sa sandaling sila’y nagkasala. Lahat ng kanilang mga anak ay pawang ipinanganak na kalagayang espiritwal na pagkahiwalay sa Diyos. Binabanggit ang espiritwal na kamatayan sa Efeso 2:1: “Kayo noo'y mga patay sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan”.

ANTAS 2: PISIKAL NA KAMATAYAN. Ang pisikal na kamatayan o kamatayan ng katawan ay nangyayari sa sandaling pumanaw ang kaluluwa/espiritu mula sa katawan ng tao. Ang kaluluwa/espiritu ay babalik sa Diyos upang doon haharap sa paghuhukom, samantalang ang pisikal na katawan ay mabubulok at babalik sa alabok kung saan ito nanggaling. Sa kalaunan, si Adan at Eva ay namatay sa pisikal nilang katawan. Gayundin, ang bawat taong ipinanganak sa daigdig na ito ay walang pagsalang mamamatay din sa kanilang pisikal na katawan. May nagsabi, “Tiyak na siyento

por siyento pa rin na lahat ng tao ay mamamatay." Subalit ang malungkot ay hindi sa kamatayan ng katawan nagtatapos ang lahat.

ANTAS 3: KAMATAYANG WALANG HANGGAN. Sa Apocalipsis 21:8 ay mababasa natin ang tungkol sa kamatayang walang hanggan: "Ngunit sa mga duwag, sa mga hindi nananampalataya, mga karumaldumal, mga mamamatay-tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan." Ang ikalawang kamatayan o kamatayang walang hanggan ay yaong kondisyon kung saan ang taong namatay na hindi tumanggap ng kapatawan, ay itatapon ang kanyang kaluluwa/espiritu sa lugar ng pagdurusa, hiwalay sa Diyos ng walang hanggan.

INAGAW NI SATANAS ANG PAGKAHARI SA DAIGDIG. Sa pasimula, kay Adan at Eva ibinigay ng Diyos ang paghahari sa buong daigdig. Subalit noong nagpatalo sila sa tukso ni Satan, nabitawan nila ang kanilang karapatan ay inagaw sa kanila ni Satanas ang pagkahari sa sanlibutan. Dahil ditto, ang lakas ng loob ni Satanas na ipagyabang sa harap mismo kay Jesus na Anak ng Diyos ang ganito:

***[5] Pagkatapos ay dinala siya ng diyablo sa isang mataas na lugar at ipinakita sa kanya sa isang saglit ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan. [6] At sinabi sa kanya ng diyablo, "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihang ito, at ang kaluwalhatian nila, sapagkat ito'y naibigay na sa akin, at ibinibigay ko kung kanino ko ibig. [7] Kaya't kung sasamba ka sa akin, ang lahat ng ito ay magiging iyo."***
***(Luke 4:5-7).***

Hindi kinontra ni Jesus ang mayabang na salita ni Satanas. Sa katunayan, tatlong beses na tinawag ni Jesus ang diablo na "pinuno ng sanlibutan" (John 12:31; 14:30; 16:11).

Ngayon, ang buong daigdig ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Kanyang minamaneobra ang mga tao sa pamamagitan ng tatlong kaparaanan: sa masasamang nasa ng laman, masasamang nasa ng mata, at sa kayabangan sa buhay. Ginamit niya ang tatlong kaparaanan na ito noong tinukso niya si Adan at Eva, at maging si Jesus:

***[15] Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. [16] Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. [17] Ang sanlibutan at ang pagnanasa nito ay lumilipas, ngunit ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananatili magpakailanman (1 John 2:15-17).***

Masahol sa lahat, napananatili ni Satanas ang kanyang kapangyarihan sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang pambubulag sa kanilang mga isipan upang huwag nilang makita at malaman ang kaligtasang dulot ni Cristo Jesus.

***[3] At kahit ang aming ebanghelyo ay natatalukbungan pa, ito ay may talukbong lamang sa mga napapahamak. [4] Sa kanilang kalagayan, binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang pag-iisip ng mga hindi mananampalataya, upang huwag nilang makita ang liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Diyos (2 Corinthians 4:3-4).***

Hindi kailanman nagbabago ang mga taktika at stretehiya ni Satanas. Patuloy pa rin niyang ipinapangako ang mga kaharian ng daigdig sa mga tao, kalakip ng pangako na ibibigay sa kanila ang lahat ng layaw ng kanilang katawan, emosyon, at ang kanilang matinding pag-asam sa kayamanan, karangyaan, katanyagan, at kapangyarihan. Ang nalilimutan ng mga tao ay

may kapalit ang lahat ng ito na ibinibigay ni Satanas sa kanila; ang katumbas ay ang kanilang kaluluwa. Pero hindi naman ito inilingid ni Satanas sa kanila; maliwanag ang kontratang ibinibigay ni Satanas:

***"7 Kaya't kung sasamba ka sa akin, ang lahat ng ito ay magiging iyo."***

Di dapat ipagtaka kung bakit kapag iniimbitahan ang mga tao sa pag-aaral ng Biblia o sabihan tungkol kay Cristo o tungkol sa Diyos, ang sagot nila, "Sorry, wala akong panahon." Bakit walang panahon? Kasi, sinasamba nila si Satanas! Pero may tututol, "Hindi ko naman sinasamba si Satanas." Ang totoo, hapi na si Satanas kung walang time ka para sa Lord, walang time para sa Bible study, walang time para sumunod kay Cristo. Ganoon na rin ang labas noon, walang time sa God, para mo na ring sinamba si Satanas, okay na sa kanya iyon. At sisikapin ni Satanas na maging busy ka sa paghahabol sa kayamanan, katanyagan, kapangyarihan at kaligayahan, para talagang wala ka nang panahon para sa Diyos.

Pakitingnan at pag-aralang muli ng Mabuti ang ating LARAWAN 1 sa itaas. Pansinin na kaliwang gawi ng larawan, si Satanas ay nasa itaas ng sanlibutan at pinaghaharian ang buong sangkatauhan sa pamamagitan ng mga tanikala ng kasalanan.

## BAHAGI 3: ANG PANGAKO NG DIYOS SA PAGDATING NG MESIYAS

Dahil sa pagsuway ni Adan at Eva, nabulusok ang daigdig sa madilim at malagim na bangin ng kasalanan. Subalit sa gitna ng kadilimang ito, agad ay sumikat ang liwanag ng pangako ng Diyos. Ang pangako Niya ay napapaloob sa sumpa na binigkas Niya laban kay Satanas sa Genesis 3:15:

***"Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa,***
***at sa iyong binhi at sa kanyang binhi.***
***Ito ang dudurog ng iyong ulo,***
***at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."***

Nangako ang Diyos na darating ang "Binhi (Anak) ng Babae", na siyang tatalo kay Satanas. Kalaunan, ang mga propeta ng Israel ay magbibigay ng mga pahayag patungkol sa isang tatawaging Mesiyas, ang hinirang ng Diyos, na siyang magdudulot ng kaligtasan sa bayang Israel at sa buong daigdig. Magtutunggali ang Mesiyas at si Satanas sa isang labanang walang sukuan. Sa madugong labanang ito, madudurog ni Satanas ang sakong ng Mesiyas, subalit ang ulo ni Satanas ay madudurog ng Mesiyas. Lulutasin ng Mesiyas ang problema ng kasalanan at lahat ng mapait na bunga nito, at palalayain ng Mesiyas ang buong mundo mula sa pagkaalipin kay Satanas.

Si Adan, na siyang unang kinatawan ng sangkatauhan, ay sukdulang nabigo at dahil diyan natanggal siya sa kanyang posisyon bilang tagapamahala ng daigdig. Ang Mesiyas, na siyang ikalawang kinatawan, ay lubusang magtatagumpay laban kay Satanas, at bunga ng Kanyang tagumpay ay mababawi niya ang lahat ng nawala ni Adan, kabilang diyan ang posisyon bilang tagapamahala sa buong sangnilikha.

Sino itong Anak ng Babae na ito? Ito ay walang iba kundi si Jesus, na Anak ng Diyos, na nagpakababa upang isilang bilang tao sa ibabaw ng lupa. Ang Kanyang pagsilang ay sa pamamagitan ng himala ng kapanganakan ng birhen.

- Ipinahayag ng isang anghel ang Kanyang pagsilang sa pamamagitan ng birhen Maria. Si Maria ay naipangako na kay Jose, subalit bago sila ikinasal at nagsama, naglihi si Maria sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Basahin natin ang Mateo 1:18-23:

***18 Ganito ang pagkapanganak kay Jesu-Cristo. Nang si Maria na kanyang ina ay nakatakdang ikasal kay Jose, bago sila magsama, si Maria ay natuklasang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.***
***19 Si Jose na kanyang asawa, palibhasa'y isang taong matuwid at ayaw ilagay sa kahihiyan si Maria, ay nagpasiya na lamang na kanyang hiwalayan ito nang lihim.***
***20 Ngunit samantalang pinag-iisipan niya ito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya sa panaginip na nagsasabi: "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria na iyong asawa sapagkat ang ipinaglilihi niya ay mula sa Espiritu Santo.***
***21 Siya'y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag mo sa kanya ay Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."***
***22 Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta:***
***23 "Narito, magdadalang-tao ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki,***
***at ang pangalang itatawag nila sa kanya ay Emmanuel"***
***(na ang ibig sabihin ay kasama natin ang Diyos).***

- Sa sandaling nakita ni Satanas na isinilang na ang Anak ng Babae sa lunsod ng Bethlehem, agad siyang nagplano kung paano ito patayin. Inudyukan ni Satanas si Herodes, hari ng mga Judio noong panahong iyon, na patayin lahat ng mga batang may edad na dalawang taon pababa upang masigurado na hindi makaligtas ang batang si Jesus. Subalit bago naisagawa ng mga sundalo ang maramihang pagpatay, binigyan na ng Diyos ng babala si Jose na dapat niyang itakas si Maria at si Jesus doon sa Egipto. Nanirahan sila doon hanggang sa namatay si Herodes. Pagkatapos, nakatanggap uli si Jose ng pahayag mula sa Diyos na malaya na silang makabalik sa bayan ng Israel, at sila'y bumalik at tumira sa isang maliit na lunsod na ngalan ay Nazaret. Doon lumaki si Jesus bilang isang karaniwang anak na lalaki ni Maria at ni Jose hanggang sa Siya'y nagkaedad ng tatlumpung taon. Ang kasaysayan ng paglaki ni Jesus ay nilalagom sa Lucas 2:51-52 sa dalawang bersikulo lamang:

  ***51 Umuwi siyang kasama nila, at dumating sa Nazaret at naging masunurin sa kanila. Iningatan ng kanyang ina ang mga bagay na ito sa kanyang puso.***
  ***52 Lumago si Jesus sa karunungan, sa pangangatawan, at naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.***

- Paglipas ng tahimik na tatlumpung taon, dumating na ang oras, kung kailan dapat salakayin ang kaharian ni Satanas. Tinawag ng Diyos si Jesus upang simulan ang Kanyang publikong gawain. Magsisimula siya sa pamamagitan ng pagtanggap ng bautismo mula kay Juan Bautista. Basahin natin ang Marcos 1:9-13:

***9 Nang mga araw na iyon ay nanggaling si Jesus sa Nazaret ng Galilea, at siya'y binautismuhan ni Juan sa Jordan.***
***10 Pagkaahon niya sa tubig, nakita niyang biglang nabuksan ang kalangitan, at ang Espiritu na bumababa sa kanya na tulad sa isang kalapati.***
***11 At may isang tinig na nagmula sa langit, "Ikaw ang minamahal kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod."***
***12 At agad siyang dinala ng Espiritu sa ilang.***

***[13] Siya'y nasa ilang ng apatnapung araw, at tinukso siya ni Satanas. Kasama siya ng mababangis na hayop at pinaglingkuran siya ng mga anghel.***

- Sa Kanyang bautismo, ipinahayag ng Diyos ang lubos Niyang pagkalugod sa perpektong buhay ni Jesus sa loob ng nakaraang tahimik na tatlumpung taon. Pinatunayan ng Diyos ang Kanyang pagkalugod sa pamamagitan ng pagkakaloob kay Jesus ng Espiritu Santo, kasabay ng pahayag na nagsasabi, "Ikaw ang minamahal kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod." Pagkatapos nito, agad Siyang dinala ng Espiritu Santo sa ilang upang doon makipagbaka Siya laban kay Satanas sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi, na hindi Siya kumain ni uminom ng kahit anuman.

  Sa loob ng nakaraang tatlumpung taon, siyempre nagdanas din si Jesus ng mga tukso at pagsubok na karaniwang dumarating sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Pinagtagumpayan lahat iyon ni Jesus. Subalit sa ilang, sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi, ibinuhos ni Satanas ang lahat ng alam niyang taktika sa pagtukso, mga paraang matagumpay niyang ginamit laban kay Adan at Eva at laban sa lahat ng mga tao mula noong una. Subalit pinagtagumpayan lahat ni Jesus ang mga tukso ng kalaban sa pamamagitan lamang ng Tabak ng Espiritu Santo, na walang iba kundi ang Salita ng Diyos, (Mateo 4:1-11, Lucas 4:1-13 tingnan din ang Efeso 6:17).

  Sinasaysay sa Hebreo 4:15-16 ang ganap na tagumpay ni Jesus laban sa lahat ng tukso. Ipinaliliwanag din sa mga talatang ito ang dahilan kung bakit dapat magdaan sa ganito katinding pagsubok si Jesus.

***[15] Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayunma'y walang kasalanan. [16] Kaya't lumapit tayong may katapangan sa trono ng biyaya, upang tayo'y tumanggap ng awa, at makatagpo ng biyaya na makakatulong sa panahon ng pangangailangan.***

  Tinalo ni Jesus ang lahat ng tukso alang-alang sa atin. Sa Hardin ng Eden, ang unang kinatawan ng sangkatauhan, si Adan, ay nagdanas ng lubos na pagkatalo, anupat isinalin niya sa lahat ng tao ang kanyang kasalanan at lahat ng mapait na bunga nito. Sa kabilang dako, ditto ngayon sa ilang, ang ikalawang kinatawan ng sangkatauhan, si Jesus, ay lubusang nagtagumpay, at bunga ng Kanyang tagumpay, mabiyaya naman Niyang isinasalin sa atin na sumasampalataya sa Kanya ang matamis ng bunga ng Kanyang tagumpay (Roma 5:12-21).

## BAHAGI 4: MALAPIT NA ANG KAHARIAN NG DIYOS!

Pagkagaling mula sa matagumpay Niyang pakikihamok kay Satanas, inilunsad ni Jesus ang Kanyang pagsalakay sa kalaban upang iligtas ang sangkatauhan, at upang bawiin ang tronong inagaw ng kalaban mula kay Adan. Ang panimulang pahayag ni Jesus ay totoong malaman:

Mark 1:14-15: [14] Pagkatapos madakip si Juan, pumunta si Jesus sa Galilea na ipinangangaral ang ebanghelyo ng Diyos, [15] na sinasabi, "Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo'y magsisi at manampalataya sa ebanghelyo."

Sa pamamagitan ng pahayag na ito, ang Kaharian ng Diyos ay umatake laban sa kaharian ni Satanas sa pangunguna ni Jesus.

Pag-aralang mabuti ang LARAWAN 1 sa itaas. Pansinin ang dalawang bilog. Ang unang bilog ay naglalarawan ng mundong nasasakupan ni Satanas, ang Ahas. Dahil sa kasalanan ni Adan inagaw ni Satanas ang paghahari sa ibabaw ng mundo na dating ipinagkaloob ng Diyos sa tao. Ang pangalawang bilog ay naglalarawan ng Kaharian ng Diyos. Pansinin na nagsalikop ang dalawang bilog. Ang salikop na iyan ay naglalarawan na ang teritoryong ito ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ni Jesus; sa teritoryong ito ang Kaharian ng Diyos ay dumating na. Iyan ang ibig sabihin ng pahayag "Ang Kaharian ng Diyos ay malapit na!" Sa ngayon, nakaharap ang mga tao sa pagpili. Alin sa dalawang hari at dalawang kaharian ang kanilang papanigan. Ito ang ibig sabihin ng panawagan na "Magsisi at manampalataya sa ebanghelyo!":

- Mananatili ba ang mga tao sa ilalim ng paghahari ni Satanas?

- O itatakwil ba nila ang kanilang koneksiyon kay Satanas upang ilipat kay Jesus ang kanyang pagsunod? Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay pagtalikod kay Satanas upang tanggapin si Jesus bilang Siya na ang maging bagong Hari ng iyong buhay.

Ang ibig sabihin ng "manampalataya sa ebanghelyo" ay paniwalaan ang mabuting balita na gumawa na si Jesus ng paraan upang ang mga dating makasalanan at rebelde ay pagkakalooban ng kapatawaran at sila'y tatanggaping muli ng Diyos upang maging mga tunay na mamamayan ng Kaharian ng Diyos.

Ito kasi ang nangyari. Dahil sa kasalanan ang mga tao ay naging alipin ni Satanas. Pero ang kailangan ng tao ay hindi lamang kalayaan mula sa pagkaalipin kay Satanas. Ang mas malaking problema ng mga tao ay kung paano mapapatawad ang kanilang pagrebelde laban sa Diyos. Ang parusa sa mga rebelde ay kamatayan. Sa anong paraan mabibigyan ng kapatawaran ang mga rebelde? Para bang nalalagay ang Diyos sa pagitan ng dalawang nag-uumpugang bato.

Sa isang banda, ang PAG-IBIG ng Diyos ay nag-uudyok sa Kanya na iligtas ang mga tao. Sa kabilang banda, ang HUSTISYA ng Diyos ay nag-uudyok sa Kanya na bigyan ng karampatang kaparusahan ang mga makasalanan. Ayon kay apostol Pablo, ***"Upang mapatunayan sa panahong kasalukuyan na siya'y matuwid at upang siya'y maging ganap at taga-aring-ganap sa taong mayroong pananampalataya kay Jesus" (Roma 3:26).***

Kung paano tinimbang ng Diyos ang kanyang pag-ibig at hustisya ay isang malalim na misteryo na nakapaloob sa Kanyang plano ng kaligtasan.

Habang inilunsand ni Jesus ang pagsalakay sa kaharian ng kaaway, sinikap ni Satanas at ng kanyang mga kampon na hadlangan si Jesus sa bawat pagkakataon. Subalit sa bawat enkuwentro ay laging talo ang mga masasamang espiritu; agad nilang napagkilala na wala silang magagawa laban kay Jesus. Laging napapalayas ng Mesiyas ang mga espiritung masasama at kanyang napapalaya ang mga biktima mula sa kanilang mga kamay. Ganito ang saysay na mababasa natin sa Gawa 10:36-38, patungkol sa ministeryo ni Jesus noong siya'y nasa ibabaw ng lupa:

[36] Nalalaman ninyo ang salita na kanyang ipinadala sa mga anak ni Israel, na ipinangangaral ang
magandang balita ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo—siya'y Panginoon ng lahat,
[37] nalalaman ninyo na ipinahayag ang salitang iyon sa buong Judea, simula sa Galilea, pagkatapos ng
bautismo na ipinangaral ni Juan: [38] kung paanong si Jesus na taga-Nazaret ay binuhusan ng Diyos ng
Espiritu Santo at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti, at
nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos.

Batid ni Satanas na ang tanging pag-asa niya ay patayin si Jesus bago durugin ni Jesus ang kanyang ulo. Ginamit ni Satanas ang espiritu ng inggit upang pagliyabin ang galit ng mga pinuno ng relihiyon ng mga Judeo laban kay Jesus. Ginamit din ni Satanas ang espiritu ng kasakiman upang makapasok siya sa puso ni Judas Iscariote, isa sa mga dose apostoles, upang udyukan siyang ipagkanulo ang kanyang Panginoon sa halagang tatlumpong pirasong pilak. Sa tulong ni Judas, ang mga pinuno ng mga Judeo ay bumalangkas ng pakana upang arestuhin si Jesus batay sa mga bulaang paratang. Nakuha ng mga pinuno na impluwenshihan ang husgado upang hatulan si Jesus ng kamatayan sa pamamagitan ng pagkapako sa krus.

Pero lingid sa kaalaman kahit na ng mga anghel at lalo na kay Satanas at kanyang mga kampon, sampun ng mga buktot na mga taong kasangkapan niya, ay naroroon ang Diyos na nagsasagawa ng Kanyang sekretong plano upang tuparin ang hula ng Genesis 3:15. Sa pagdating ni Jesus sa daigdig, doon ipinahayag ng sukdulan ang pag-ibig ng Diyos; dito ipinakita ng Diyos ang Kanyang walang pagbabagong pagnanais na ibalik ang sangkatauhan sa Kanyang sarili. Ang pagsanib ng kalikasan ng Diyos at kalikasan ng tao sa pagsilang ni Jesus ay siyang pinakamalapit na paraan upang maabot ng Diyos ang tao. Sa pagbibigay ng Dios kay Jesus ay ibinigay na Niya ang kanyang lahat sa sangkatauhan upang mabawi sa Kanyang sarili ang buong sangkatauhan.

Mula pa noong napalayas si Adan at Eva mula sa Hardin ng Eden, hindi na tumigil ang Diyos sa pagtugis Niya sa sangkatauhan, samantalang patuloy naman ang pagtakas at paglayo ng tao mula sa Diyos. Pero ngayon, sa pagsasakatawang tao ng Diyos sa pagsilang ni Cristo, sa pamamagitan ng pisikal na buhay ni Jesus sa gitna ng sangkatauhan, masasabi natin na nasukol sa wakas ng Diyos ang tumatakas na tao at nakulong ang tao sa isang sulok kund saan wala siyang masusulingan. Sa wakas, magkaharap ng mukhaan ang Diyos at tao, kung saan ibinibigay ng Diyos nang lubusan ang Kanyang pag-ibig sa tao.

Pero ano ang ginawa ng tumatakas na tao? Sa halip na sumuko siya sa mga mapagmahal na kamay ng Diyos, sa halip ay kumampi siya sa kaaway ng Diyos at pinatay ang kaisa-isang Persona na tunay na nagmamahal sa kanya! Noong ang Pag-ibig ng Diyos ay harapang nagenkuwentro sa Poot ng tao, itinatarak ng Poot ang punyal sa kaloob-looban ng puso ng Pag-ibig. Ang Manlilikha ay pinatay ng kanyang nilikha, at pinatay ng tao ang kanyang Diyos!

Doon sa akto ng pagpatay ng tao sa Anak ng Diyos, doon naipahayag ang sukdulang kasamaan ng kasalanan. Pero ano ang ginawa ng Diyos? Sa halip na durugin ang kriminal, kinuha ng Diyos mismo ang Kanyang Anak at iniaalay sa altar ng Kanyang Hustisya bilang kabayarang sakripisyo para sa katubusan ng sangkatauhan mula sa kasalanan. At pagkatapos na masapatan ang lahat ng hinihingi ng Hustisya ng Diyos, binalingan Niya ngayon ang kriminal upang iaalok sa kanya ang walang pasubaling kapatawaran at ganap na pagtanggap.

Habang pinapanood ni Satanas na ginagawa ng Diyos ang lahat ng ito, nakita ni Satanas na siya ay nalamangan. Sa pasimula pa lamang ay mayroon na siyang matinding pagka-inggit sa sangkatauhan, samantalang nakakaramdam siya ng matinding pagkabigo dahil alam niya na wala siyang magagawa upang saktan ang Diyos. Inisip ni Satanas na kung maudyukan niya ang Diyos upang magalit ng lubusan sa sangkatauhan na anupat mapipilitan Siyang puksain ito, ay matatamo ni Satanas ang kahit na kaunting tagumpay laban sa Diyos. Sa ganitong paraan, masasabi ni Satanas na nasira niya ang plano ng Diyos para sa sangkatauhan.

Pero hindi! Kung kailan inasahan ni Satanas na pababagsakin ng Diyos ang buong tindi ng kanyang poot sa sangkatauhan, sa halip ay iniwas ng Diyos ang Kanyang galit upang ito'y pabagsakin sa ulo mismo ng Kanyang Anak. Doon kay Cristo sa krus, ibinuhos ng Diyos ang kabuuan ng poot ng

Kanyang Hustisya na dapat sana'y ibuhos sa tao. Pagkatapos na masaid ang kopa ng Kanyang Hustisya, ngayon ay iniladlad ng Diyos ang mapagmahal niyang mga kamay upang ipagkaloob sa makasalanang mga tao ang ganap na kapatawaran!

Akala ni Satanas siya ang may kahuli-hulihang halakhak noong nagawa niyang ipako sa krus si Jesus, ang Anak na dudurog daw sa ulo ng Ahas. Pero ngayon ang kanyang halakhak ay parang mga alingawngaw na pabalik-pabalik na bumabalandra sa pagitan ng langit at lupa, alingawngaw na kumukutya sa kanya bilang talunan magpakaylan pa man.

Sa muling pagkabuhay ni Jesus, tinanggal ng Diyos ang lahat ng kapangyarihan ni Satanas samantalang ibinigay naman ng Diyos kay Jesus ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa, at iniluklok Siyang Hari sa ibabaw ng lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan at pinagkalooban Siya ng Pangalanang mataas sa lahat ng pangalan sa langit at sa lupa, sa panahong ito at sa panahong darating, at ipinag-utos sa lahat na lumuhod sa pangalan ni Jesus at ipahayag na Siya ang Panginoon at Mesiyas, Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, sa ikaluluwahalti ng Diyos Ama.

Sa ngayon, sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesus, ipinag-uutos ng Diyos na ipahayag sa buong mundo ang ganap na amnestiya at pagpapalaya at pagpapanumbalik para sa lahat ng mga dating alipin ni Satanas. Ang tanging hinihingi ng Diyos ay madali at simple lamang – na magsisi ang mga makasalanan (itakwil ang dating koneksiyon nila kay Satanas at sa kasalanan) at sumampalataya sila (ilagak ang kanilang matapat na pagsunod) kay Jesus bilang tanging Tagapagligtas at Panginoon ng kanilang buhay.

Noong umaga ng pagkabuhay na muli ni Cristo ay lubos na napagkilala ni Satanas na yaong itinuring niyang tagumpay noong naipako niya si Jesus sa krus, ang tagumpay ay bumaligtad at naging lubos na pagkatalo. Napatay niya si Jesus sa Kanyang likas na pagkatao, at ang tanging nagawa nito ay "durugin ang sakong" ng Anak ng birhen. Pero sa pamamagitan ng kamatayang iyon kasunod ng muling pagkabuhay, ang nagawa naman ni Jesus ay "durugin ang ulo" ng Ahas na si Satanas para siya ay matalo sa wakas ng magpasawalang hanggan. Sa ganito lubos na natupad ang hula ng Genesis 3:15. Ang may-akda ng aklat ng Hebreo ay sumulat ng ganito:

Hebrews 2:14-15: [14] Kaya, yamang ang mga anak ay nakibahagi sa laman at dugo, at siya man ay nakibahagi rin sa mga bagay na ito, upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kanyang mapuksa ang may kapangyarihan sa kamatayan, samakatuwid ay ang diyablo, [15] at mapalaya silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan sa buong buhay nila ay nasa ilalim ng pagkaalipin.

Ngayon, balikan natin ang LARAWAN 1 sa itaas. Pansinin ang dalawang puso. Ang makasalanan (ang puso sa gawing kaliwa) ay naging alipin ni Satanas sa dahilang naghahari ang KASALANAN sa kanyang buhay (sa English, ang baybay ng kasalanan ay SIN; ang panggitnang letra ng S-I-N ay walang iba kundi ang rebelding "I" (SELF – SARILI) na inagaw ang trono mula sa Diyos at iniluklok ang sarili bilang hari/reyna ng sariling buhay.

Sa sandaling magsisi ang makasalanan, sa sandaling tanggapin niya si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon ng kanyang buhay, sa sandaling isuko niya at ibalik kay Jesus ang trono ng kanyang puso, sa mismong sandaling iyan ang makasalanan ay ililigtas ni Jesus mula sa pagkaalipin kay Satanas at ililipat siya mula sa kaharian ni Satanas at ilalagay sa kaharian ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng puso sag awing kaliwa ng krus.

Ang paglipat na ito mula sa pagkaalipin kay Satanas patungo sa ganap na Kalayaan kay Jesus ay siyang regalong alok ng pahayag ng Ebanghelyo: ***"Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo'y magsisi at manampalataya sa ebanghelyo" (Marcos 1:15).***

BUOD NA KATOTOHANAN NG EBANGHELYO

Ang buod na mga katotohanan ng mabuting balita (Ebanghelyo) ay mababasa natin sa sumusunod na mga talata.

***Juan 3:16: "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."***

***1 Pedro 3:18: " Sapagkat si Cristo man ay minsang nagdusa[b] dahil sa mga kasalanan, ang isang matuwid dahil sa mga di-matuwid, upang kayo[c] ay madala niya sa Diyos. Siya ay pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu."***

***I Corinto 15:3-4: "[3] Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin ding tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, [4] at siya'y inilibing; at muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan."***

***Colosas" 2:13-15: [13] At kayo'y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan at sa di-pagtutuli ng inyong laman ay kanyang binuhay kayong kasama niya, nang ipinatawad niya sa inyo ang lahat ng mga kasalanan, [14] na pinawi ang sulat-kamay[a] na laban sa atin na nasa mga tuntuning salungat sa atin, at ito'y kanyang inalis at ipinako sa krus. [15] Inalisan niya ng sandata ang mga pinuno at ang mga may kapangyarihan at sila'y ginawa niyang hayag sa madla, na nagtatagumpay sa kanila sa pamamagitan nito.***

Ang mga talatang ito mula sa Colosas ay napakaliwanag na isinasaad ang dalawang bahagi ng gawain ni Jesus bilang Tagapagligtas: (1) Una, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay naisagawa Niya ang paraan upang ang lahat ng kasalanan ay mapawi sa aklat ng Diyos (kapatawaran para sa mga makasalanan); (2) pangalawa, tinalo ni Jesus si Satanas at lahat ng kanyang hukbo ng mga masasamang pamunuan at kapangyarihan (kalayaan para sa mga makasalanan).

Mateo 28:18: ***Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay na sa akin.***

Juan 14:6: ***[6] Sinabi sa kanya ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.***

Juan 5:24: ***Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.***


Juan 1:12-13: ***[12] Subalit ang lahat ng tumanggap sa kanya na sumasampalataya sa kanyang pangalan ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos, [13] na ipinanganak hindi sa dugo, o sa kalooban ng laman, o sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos.***

Juan 10:10-11: [10] ***Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan.***
[11] ***Ako ang mabuting pastol. Ibinibigay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.***

Efeso 2:8-10: [8] ***Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos;*** [9] ***hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki.*** [10] ***Sapagkat tayo'y kanyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos nang una pa upang siya nating lakaran.***

Apocalipsis 3:20: ***Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo ko.***

## BAHAGI LIMA: ORAS NG PAGPILI



Si Cristo ay kumakatok.

Aling puso ang pipiliin mo para sa iyong buhay?

- Ang puso kung saan si CRISTO ay nakaupo sa trono, ang ang mayabang mong SARILI (sa Engllish "I") ay sumuko na sa Kanya?

- Ang puso kung saan ang mayabang mong SARILI ("I") ang nakaupo sa trono, at si Cristo ay nakatayo sa labas?

Kung pipiliin mo si CRISTO na Siya ang uupo sa trono ng iyong buhay, manalangin nang taimtim katulad nito:

***"Panginoong Diyos sa langit, salamat po na mahal Mo ako, at ibig Mo pong pagkalooban ako ng buhay na walang hanggan at ng buhay na masagana. Inaamin ko po na ako'y isang makasalanan. Patawarin po ako sa lahat kong kasalanan. Panginoong Jesus, naniniwala po ako na Ikaw ay namatay sa krus para sa aking mga kasalanan. Naniniwala po ako na Ikaw ay nabuhay na muli at Ikaw ang tanging Daan patungo sa Diyos Ama. Binubuksan ko na po ang aking puso upang Ikaw ay tanggapin bilang aking Tagapagligtas at Panginoon. Isinusuko ko na po sa Iyo ang trono ng buhay ko. Ikaw na po ang maghari nang lubusan sa buhay ko, at tulungan po ako na mula ngayon ay susunod sa Iyo. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesus. Amen."***

Taos-puso bang tinanggap si Cristo bilang iyong Tagapagligtas at Panginoon?

Kung gayon, ano ang pangako ni Cristo? Basahin nating muli ang Apocalips 3:20:

Apocalipsis 3:20: ***Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo ko.***

- Kung pinakinggan mo ang tinig ni Cristo at binuksa mo ang iyong puso, anong dalawang bagay ay mangyayari?

- Dalawang bagay:

  (1) Una, si Cristo ay papasok sa iyong puso.

  (2) Pangalawa, si Cristo at ikaw ay magsasalo sa pagkain.

  Marahil ay itatanong mo, ano ang ibig sabihin na kayo ay magsasalo sa pagkain?

  Sa Biblia, ang ibig sabihin ng pagsasalo sa pagkain ay pagkakaroon ng permanenteng relasyon sa isa't isa. Sa ibang salita, kung tunay na tinanggap mo si Cristo bilang iong Tagapagligtas at Panginoon, itatatag Niya ang permanenteng relasyon sa iyo, at ang relasyong ito ay mananatili habang buhay dito sa lupa, at pagkatapos ng buhay na ito, kukunin ka Niya upang makasama Niya sa langit, sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

- Magandang pagkakataon din ito upang manalangin ka ng pasasalamat kay Cristo. Taos-puso kang dumalangin ng ganito:

  ***Panginoong Jesucristo, nababasa Mo po ang aking puso. Taos-puso ko pong tinatanggap Ka bilang aking Tagapagligtas at Panginoon. Salamat po, Panginoong Jesus, na Ikaw ay pumasok na sa aking puso, at ipinagkaloob Mo po sa akin ang personal na relasyon sa iyo. Ang relasyong ito ay nagsisimula na ngayon sa buhay na ito, at ito'y magpapatuloy hanggang sa walang hanggang kaharian ng Diyos. Ito po ang aking dalangin sa Iyong Pangalan. Amen.***

ANO ANG SUSUNOD?

Pag-aralan nating muli ang LARAWAN 1 sa itaas. Pansinin ang dalawang palaso (arrows) sa gawing kanan ng krus.

- Ang PALASO na tuldok tuldok (dashed line) ay naglalarawan ng BUHAY NA WALANG HANGGANG. Ang ibig sabihin nito, ang bawat taong sumampalataya kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon ay may katiyakan na balang araw siya ay mabubuhay kapiling ng Diyos magpakailanman sa bagong langit at bagong lupa sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

- Ang PALASO na deretso (solid line) ay naglalarawan sa MASAGANANG BUHAY na kaloob ni Jesus sa bawat mananampalataya sa buhay na ito. Malaking pagpapala ang magkaroon ng BUHAY NA WALANG HANGGAN doon sa langit balang araw.

  Ang MASAGANANG BUHAY kasama ni Cristo ay nagsisimula na ngayon. Yamang si Cristo ay naghahari na sa trono ng iyong buhay, at ikaw ay lubos nang nagpasakop sa Kanyang kaharian at kalooban, ito ang Kanyang pangako sa Mateo 6:33:

***[33] Ngunit hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian[g] at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.***
Ito ang ibig sabihin ng "pagsasalo sa pagkain kasama ni Jesus". Sa buong paglalakbay mo sa buhay na ito, ibibigay Niya ang Kanyang tinapay upang ito'y pagsasalunan ninyo. At ano ang napapaloob sa Kanyang tinapay? Lahat ng pagpapala at kayamanan na pantungo sa iyong mga pangangailangan. Hindi ibig sabihin, gagawin kang laging malusog, mayaman at matagumpay sa mundo. Hindi ibig sabihin na di ka na magdaranas ng karaniwang mga pagsubok at tukso na dumarating sa lahat ng tao na nabubuhay sa balat ng lupang ito na sinumpa dahil sa kasalanan.

Ang ibig sabihin ay nangangako si Jesus na Siya'y lag imo nang kasama sa lahat ng sitwasyon ng buhay, at Kanyang ibibigay ang pantugon sa lahat ng iyong pangangailangan (hindi ng iyong kagustuhan). Hindi ka Niya pagkukulangain sa anumang bagay na kailangan mou pang matupad mo ang Kanyang plano para sa iyong buhay.

MAKAPAGHIHINTAY ANG LANGIT

Oo, ang Panginoong Jesus ay iniligtas ka para sa isang dakilang plano.

Ito ang dahilan kung bakit nanalangin Siya sa Diyos Ama, na huwag agad kukunin ang mga Kristiyiano sa langit. Ayaw pa ng Panginoong Jesus na ikaw ay pumunta sa langit kaagad! Katunayan, nanalangin Siya sa Diyos Ama na panatilihin at ingatan ang mga Kristiiyano dito sa lupa, sapagkat may dakilang plano na ipatutupad sa kanila sa planetang ito. Ang panalangin ni Jesus ay para sa lahat ng sasampalataya sa darating na panahon, at kasama ka doon!

Noong gabi bago Siya dakpin at samantalang nakikinita na Niya ang Kanyang kamatayan sa krus at ang kanyang muling pagkabuhay at muling pagbabalik sa langit, nanalangin si Jesus alang-alang sa Kanyang mga alagad na maiiwanan sa lupa (at sa Kanyang paningin noon pa kasama na tayo sa dalanging ito):

***"[15] Hindi ko hinihiling na alisin mo sila sa sanlibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama. [16] Hindi sila taga-sanlibutan, na gaya ko na hindi taga-sanlibutan. [17] Pabanalin mo sila sa katotohanan; ang salita mo ay katotohanan. [18] Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanlibutan, sila ay sinugo ko rin sa sanlibutan" (Juan 17:15-18).***

Hindi pa kalooban ng Panginoong Jesus na pumunta na kaagad ang mga alagad doon sa langit. Kalooban Niya na sila'y manatili pa sa daigdig sapagkat mayroon Siyang dakilang misyon na ipatutupad sa kanila sa mundo. Ang misyon ay upang sila'y humayo at ipahayag sa buong daigdig na natalo na ang kasalanan at si Satanas; ipapahayag nila na ang DAAN O TULAY PABALIK SA DIYOS ay nayari na! At ang DAAN ay walang iba kundi si Jesucristo mismo!

Tayo na mananampalataya at tagasunod ng Panginoong Jesus sa panahong ito ay binigyan ng parehong misyon. Ang pagtupad ng misyong ito ay bahagi ng MASAGANANG BUHAY na ibinigay ng Panginoon sa atin. Ito ay kadalasang tinataguriang na DAKILANG KOMISYON, na mababasa natin sa Mateo 28:18-20:

***[18] Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay na sa akin. [19] Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, [20] at turuan silang***

***sundin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo. At narito, ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon."***

Iniligtas tayo ni Cristo upang gawin Niya tayong mga sundalo sa HUKBO NG DAKILANG KOMISYON. Napapaloob sa Dakilang Komisyon ang EBANGHELISMO at PAGIGING ALAGAD.

1. **EBANGHELISMO** ay pag-akay sa mga tao upang makilala nila si Cristo at magkaroon sila ng personal na relasyon sa Kanya bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon.

2. **PAGIGING ALAGAD** ay pagtuturo at pagsasanay sa mga mananampalataya upang maging KATULAD NI CRISTO, upang sundin nila ang lahat ng utos ni Cristo (sa Biblia, na siyang Salita ng Diyos), at tuparin at ipamuhay ang mga utos na ito sa araw-araw.

**ANG KAPALARAN NI SATANAS**

Bilang pagtatapos, pansinin sa LARAWAN (sa itaas) kung nasaan na ngayon ang Ahas na si Satanas. Ang Ahas ay inihagis at ibinagsak sa paanan ng krus.

Ang ibig sabihin, ganap ng natalo si Satanas. Gayunpaman, pinapayagan pa rin ng Diyos na magpatuloy si Satanas at ang kampon niyang masasamang espiritu sa kasalukuyang panahon. Ang dahilan ay ito, kinakasangkapan ng Diyos si Satanas at ang kanyang mga demonyo upang subukin ang mga tao. May nagsabi, "Si Satanas ay leong umuungal at naninibasib sa mundo, pero ang kaniyang mga ngipin ay binunot na lahat ng Diyos." Ang kapangyarihan ni Satanas ay tinanggal ng lahat ng Panginoon Jesus, maliban sa isang sandata… ang tanging natitirang sandata ni Satanas ay kabulaanan at panlilinlang.

Dahil dito lubhang napakahalaga sa mga Kristiyano na malaman nila ang KATOTOHANAN sa Biblia, na siyang Salita ng Diyos. Hindi lamang malaman ito, kundi maging DALUBHASA sila sa Salita ng Diyos. Pag naging dalubhasa ka sa Salita ng Diyos, matutuklasan mo ang ganap na tagumpay ni Cristo, at matatamasa mo ang lahat ng pagpapalang inihanda ng Diyos para sa iyo sa daigdig na ito, at sa daigdig na darating!

Juan 8:31-32: ***31 Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa mga Judiong sumasampalataya sa kanya, "Kung kayo'y mananatili sa aking salita, tunay ngang kayo'y mga alagad ko. 32 At inyong malalaman ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."***


**ITO ANG BUOD NA PAKSA NG BIBLIA**

Ang Biblia ay NAGSISIMULA sa perpektong paglikha ng Diyos sa unang langit at unang lupa. Pumasok ang kasalanan at sinira ang perpektong sangnilikha. Ang Biblia ay NAGTATAPOS sa paglikha ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa.

At sa pagitan ng SIMULA at KATAPUSAN ng Biblia ay diyan sinasaysay kung paano hinuhubog ng Diyos para sa Kanyang sarili ang isang perpektong pamilya. Ang pamilyang ito'y binubuo sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan na binalangkas ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak na si Cristo Jesus. Ang perpektong pamilyang ito ay makakasama ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa nang walang hanggan.

**PERSONAL NA TANONG**

Dahil dito, babalikan natin ang personal na tanong na binanggit natin sa itaas.




Aling puso ang pipiliin mo na maging larawan ng buhay mo?

- PUSONG PINAGHAHARIAN NG SARILI, kung saan nakaupo sa trono ang mayabang na "AKO" ( sa English, "I") bilang BOSS ng iyong buhay? Kung ikaw ay ganyang puso, may babala para sa iyo ang Apocalipsis 21:8:

  ***Apocalipsis 21:8: "Ngunit sa mga duwag, sa mga hindi nananampalataya, mga karumaldumal, mga mamamatay-tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan."***

- PUSONG PINAGHAHARIAN NI CRISTO, kung saan si Jesus ay nakaluklok sa trono bilang HARI ng buhay mo. Kung ikaw ay ganyang puso, purihin ang Diyos! Ang bagong langit at bagong lupa ay naghihintay sa iyo, kung saan mo matatamasa ang pag-ibig, kaligayahan, at kapayapaan sa piling ng Diyos kailan pa man!

***Apocalipsis 21:1-7: 1 At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa; sapagkat***
***ang unang langit at ang unang lupa ay lumipas na, at ang dagat ay wala na. 2 At nakita ko ang***
***banal na lunsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na***
***nakahanda na gaya ng isang babaing ikakasal na nagagayakan para sa kanyang asawa.***
***3 At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa trono na nagsasabi,***
***"Masdan ninyo, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao.***
***Siya'y maninirahang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya.***
***Ang Diyos mismo ay makakasama nila, at siya'y magiging Diyos nila.***[a]
***4 At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata,at hindi na magkakaroon ng kamatayan;***
***hindi na rin magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o ng pagtangis man, o ng kirot man, sapagkat***
***ang mga unang bagay ay lumipas na."***
***5 At sinabi ng nakaupo sa trono, "Masdan ninyo, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay."***
***Sinabi rin niya, "Isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito ay tapat at tunay." 6 At sinabi niya sa***
***akin, "Naganap na! Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas. Ang nauuhaw ay***
***aking paiinumin nang walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay.***
***7 Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Diyos niya at siya'y***
***magiging anak ko.***

**PAANYAYA**

Ikaw ay inaanyayahang dumalo sa pag-aaral ng Biblia upang higit pang matuto sa Salita at Diyos, at upang higit na mapatatag ang relasyon mo kay Cristo, at upang lubos na matanggap mo ang masaganang buhay na ipinangako ni Cristo.

Lugar: ______________________________________________

Araw at Oras: _________________________________________

Pangalan at telepono ng kaibigang nag-aanyaya:

___________________________________________________

**ANO ANG SUSUNOD?**

Libre kayong makahingi ng kumpletong NEWLIFE DISCIPLESHIP SERIES AKLAT 1-14 kay pastorbien@gmail.com.

## APPENDIX A

HOW TO TEACH THIS BOOK:

**T – R – U – M – P – S**
***Bible Study For Everyone!***

***LEADER'S GUIDE***

You do not need a special training to lead this Bible study. The series is designed following the **T – R – U – M – P – S** strategy:

- **T**ogether
- **R**ead
- **U**nderstand
- **M**emorize
- **P**ray
- **S**hare.

Follow this SCHEDULE for your Bible study:

(1) BEGIN with fellowship time.

WELCOME everybody to the Bible study. If there is a newcomer, ask everyone to introduce themselves again, their name, where they live, and who invited them to this study. After the welcome time, SING three or four lively praise songs. Then have an OPENING PRAYER by the leader or by someone he/she requests.

(2) LEAD the study,
following the **T – R – U – M – P – S** outline:

- **T**ogether – Everybody should have a copy of this Bible study book, because the plan is to do the activities TOGETHER as a group.

- **R**ead – Going in a clockwise direction (from right to left) assign each member to read sections or verses of the lesson.

- **U**nderstand – After each section or verse is read, ask if someone has a question or comment.

  (a) RELEVANT QUESTION/COMMENT: If the question is relevant to the topic, answer the question briefly or appreciate the comment, then move on to read the next section or verse. If the question is not directly related to the topic, you may answer briefly and then tell the questioner that you will talk to him/her longer after the study.

  (b) DIFFICULT QUESTION: If the question is difficult and you are not ready to give a good answer at the moment, frankly tell the questioner that you are not able to give an answer at this time, and that you promise to do research on it and will try and give him/her an answer at the next meeting. IMPORTANT: Be sure to research the question, ask the help of your pastor or a more knowledgeable Christian.

- **M**emorize – At the end of the lesson, spend about 5 minutes memorizing the new verse. (Below we will describe one method of memorizing a verse.)

- **P**ray – After memorizing the verse, divide the group into prayer partners of two or three. Let the prayer partners give brief testimonies of answered prayers and share new prayer requests, and then spend about 10 minutes praying.

- **S**hare – After the prayer session, ask everybody to give the name of one PROSPECT (relative, friend, neighbor, co-worker) that they will invite to Bible study next week. Everybody should write down the names of the prospects for the week and pray daily that God will enable them to come to the Bible study.

## APPENDIX B

## *NewLife Series*

**EVANGELISM, DISCIPLESHIP, MISSIONS**
**English, Tagalog & Cebuano Versions.**
**(Available FREE E-COPY of the series from pastorbien@gmail.com.)**

**By Pastor Bien Llobrera**

## OVERVIEW – TAGALOG

## ESPIRITWAL NA PAGLALAKBAY

Mabuhay! Magsisimula ka ngayon sa panghabang-buhay na paglalakbay bilang alagad! Bilang mananampalataya na tunay na ipinanganak na muli, ikaw ay tinawag upang maging tunay na alagad. Ang alagad ay isang mag-aaral, estudyante, isang nagsasanay, isang tagasunod ng Panginoong Jesu-

Cristo, na nananawagan sa iyo at sa lahat ng nananalig sa Kanya, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao" (Mateo 4:19).

Bilang gabay sa iyong espiritwal na paglalakbay, inihanda itong manwal ng pinamagatang ***BagongBuhay: Mga Aralin sa Buhay Bilang Alagad ni Cristo***. Dito ay makikita mo ang malawakang balangkas ng buong kurso.

Ang manwal ay isang maikling gabay-aklat na madaling dalhin sa kamay. Ang manwal pang-alagad na ito ay isang aklat na madadala mo sa iyong kamay. Ilalagay nito sa iyong palad at mga daliri ang mahahalagang katotohanan tungkol sa pagiging alagad, na itinuturo sa pamamagitan ng mga ilustrasyon ng kamay. Ang mga katotohanang ito'y magbibigay sa iyo ng kasangkapan upang makabahagi ka sa pinakadakilang gawain – ang pagiging alagad ng Panginoong Jesu-Cristo upang maakay mo ang iba upang sila'y maging alagad din.

Sa Biblia, madalas na binabanggit ng Diyos ang Kanyang mga kamay. Ang Panginoong Jesus ay nagbigay ng magandang paglalarawan tungkol sa kamay ng Diyos: ***"27 Pinapakinggan ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking kilala, at sila'y sumusunod sa akin.***
***28 Sila'y binibigyan ko ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y hindi sila mapapahamak, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay. 29 Ang mga ibinigay sa akin ng aking Ama ay higit na dakila kaysa lahat, at walang makakaagaw ng mga ito sa kamay ng Ama" (Juan 10:27-29).***

Kay dakilang pangako! Sa mga makapangyarihang kamay ng Ama at ng Anak tayo ay ligtas at tiwasay – kailanman! Ang ating kaligtasan ay hindi nakadepende sa ating paghawak sa Diyos. Ang ating kaligtasan ay matatag na nakasalalay sa paghawak sa atin ng Diyos sa kanyang kamay na hindi bibitaw sa atin.

Ang ibig bang sabihin nito ay maghahalukipkip na lang tayo at wala ng gagawin kundi maghintay na lamang na tayo'y pupunta sa langit? Malungkot mang sabihin, ganyan ang maling palagay ng maraming Kristiano.

Sa totoo lang, dahil tayo ay siguradong hawak na ng kamay ng Diyos, dapat din tayong magsumikap na gumawa sa pamamagitan ng ating mga kamay! Napakalinaw na naunawaan ni Pablo ang katotohanang ito sa sinabi niya sa Filipos 3:12: ***"Hindi sa ito'y aking nakamit na, o ako'y sakdal na; kundi nagpapatuloy ako upang iyon ay aking maabot, kung paanong ako ay inabot din ni Cristo Jesus."***

Inabot tayo ni Cristo – hinawakan tayo ng Kanyang mga kamay – para sa isang layunin. Ngayon, tayo ay hinahamon na abutin – hawakan sa ating mga kamay – ang layunin ni Cristo hanggang ito'y lubos na matupad sa ating mga buhay.

Upang mahawakan ang layunin ni Cristo, ang Kristiano ay dapat magkaroon ng malalakas na kamay. Ang manwal pang-alagad na ito ay magpapalakas sa iyong kamay sa bawat baytang ng paglagong spiritual. May dalawang layunin ang kursong ito:

(1) Una, dapat matapos mo ang kurso ng BagongBuhay, Aklat 1-14;

(2) Pangalawa, dapat masanay at masangkapan ka upang ituro mo rin sa iba ang kursong ito.

**MGA BAYTANG NG PAGLAGO**

May tatlong baytang ng paglago ang Kristiano, ayon sa 1 Juan 2:12-14:

12 ***Mga munting anak, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat ipinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan dahil sa kanyang pangalan.***
13 ***Mga ama, kayo'y sinusulatan ko,***
***sapagkat inyong nakilala siyang nagbuhat pa nang pasimula.***
***Mga kabataang lalaki, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong dinaig ang masama.***
14 ***Mga anak, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong nakilala ang Ama.***
***Mga ama, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong nakilala siyang nagbuhat pa nang pasimula.***
***Mga kabataan, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat kayo'y malalakas,***
***at ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo, at inyong dinaig ang masama.***

Ito ang tatlong baytang ng paglago:

- Mumunting mga anak (SANGGOL),
- Mga binata (KABATAAN),
- Mga ama (MAGULANG).

Tulad sa pisikal na buhay, gayundin sa espiritual na buhay. Ang bawa't Kristiano ay magdadaan sa tatlong baytang ng paglagong espiritual: SANGGOL, KABATAAN, at MAGULANG. Ang manwal pang-alagad na ito ay magtuturo at magbibigay ng pagsasanay sa mga Kristiano sa paggamit ng kanilang mga espiritual na kamay sa bawa't baytang ng kanilang paglago. Kaya nga, ang balangkas ng kursong ito alinsunod sa ibaba:

## ESPIRITWAL NA PAGLALAKBAY

Mabuhay! Magsisimula ka ngayon sa panghabang-buhay na paglalakbay bilang alagad! Bilang mananampalataya na tunay na ipinanganak na muli, ikaw ay tinawag upang maging tunay na alagad. Ang alagad ay isang mag-aaral, estudyante, isang nagsasanay, isang tagasunod ng Panginoong Jesu-Cristo, na nananawagan sa iyo at sa lahat ng nananalig sa Kanya, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao" (Mateo 4:19).

Bilang gabay sa iyong espiritwal na paglalakbay, inihanda itong manwal ng pinamagatang ***BagongBuhay: Mga Aralin sa Buhay Bilang Alagad ni Cristo***. Dito ay makikita mo ang malawakang balangkas ng buong kurso.

Ang manwal ay isang maikling gabay-aklat na madaling dalhin sa kamay. Ang manwal pang-alagad na ito ay isang aklat na madadala mo sa iyong kamay. Ilalagay nito sa iyong palad at mga daliri ang mahahalagang katotohanan tungkol sa pagiging alagad, na itinuturo sa pamamagitan ng mga ilustrasyon ng kamay. Ang mga katotohanang ito'y magbibigay sa iyo ng kasangkapan upang makabahagi ka sa pinakadakilang gawain – ang pagiging alagad ng Panginoong Jesu-Cristo upang maakay mo ang iba upang sila'y maging alagad din.

Sa Biblia, madalas na binabanggit ng Diyos ang Kanyang mga kamay. Ang Panginoong Jesus ay nagbigay ng magandang paglalarawan tungkol sa kamay ng Diyos: ***"[27] Pinapakinggan ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking kilala, at sila'y sumusunod sa akin.***
***[28] Sila'y binibigyan ko ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y hindi sila mapapahamak, at hindi sila aagawin ng sinuman sa aking kamay. [29] Ang mga ibinigay sa akin ng aking Ama ay higit na dakila kaysa lahat, at walang makakaagaw ng mga ito sa kamay ng Ama" (Juan 10:27-29).***

Kay dakilang pangako! Sa mga makapangyarihang kamay ng Ama at ng Anak tayo ay ligtas at tiwasay – kailanman! Ang ating kaligtasan ay hindi nakadepende sa ating paghawak sa Diyos. Ang ating kaligtasan ay matatag na nakasalalay sa paghawak sa atin ng Diyos sa kanyang kamay na hindi bibitaw sa atin.

Ang ibig bang sabihin nito ay maghahalukipkip na lang tayo at wala ng gagawin kundi maghintay na lamang na tayo'y pupunta sa langit? Malungkot mang sabihin, ganyan ang maling palagay ng maraming Kristiano.

Sa totoo lang, dahil tayo ay siguradong hawak na ng kamay ng Diyos, dapat din tayong magsumikap na gumawa sa pamamagitan ng ating mga kamay! Napakalinaw na naunawaan ni Pablo ang katotohanang ito sa sinabi niya sa Filipos 3:12: ***"Hindi sa ito'y aking nakamit na, o ako'y sakdal na; kundi nagpapatuloy ako upang iyon ay aking maabot, kung paanong ako ay inabot din ni Cristo Jesus."***

Inabot tayo ni Cristo – hinawakan tayo ng Kanyang mga kamay – para sa isang layunin. Ngayon, tayo ay hinahamon na abutin – hawakan sa ating mga kamay – ang layunin ni Cristo hanggang ito'y lubos na matupad sa ating mga buhay.

Upang mahawakan ang layunin ni Cristo, ang Kristiano ay dapat magkaroon ng malalakas na kamay. Ang manwal pang-alagad na ito ay magpapalakas sa iyong kamay sa bawat baytang ng paglagong spiritual. May dalawang layunin ang kursong ito:

(1) Una, dapat matapos mo ang kurso ng BagongBuhay, Aklat 1-14;

(2) Pangalawa, dapat masanay at masangkapan ka upang ituro mo rin sa iba ang kursong ito.

**MGA BAYTANG NG PAGLAGO**

May tatlong baytang ng paglago ang Kristiano, ayon sa 1 Juan 2:12-14:

***[12] Mga munting anak, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat ipinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan dahil sa kanyang pangalan.***
***[13] Mga ama, kayo'y sinusulatan ko,***
***sapagkat inyong nakilala siyang nagbuhat pa nang pasimula.***
***Mga kabataang lalaki, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong dinaig ang masama.***
***[14] Mga anak, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong nakilala ang Ama.***
***Mga ama, kayo'y sinusulatan ko***
***sapagkat inyong nakilala siyang nagbuhat pa nang pasimula.***
***Mga kabataan, kayo'y sinusulatan ko***

*sapagkat kayo'y malalakas,*
*at ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo, at inyong dinaig ang masama.*

Ito ang tatlong baytang ng paglago:

- Mumunting mga anak (SANGGOL),
- Mga binata (KABATAAN),
- Mga ama (MAGULANG).

Tulad sa pisikal na buhay, gayundin sa espiritual na buhay. Ang bawa't Kristiano ay magdadaan sa tatlong baytang ng paglagong espiritual: SANGGOL, KABATAAN, at MAGULANG. Ang manwal pang-alagad na ito ay magtuturo at magbibigay ng pagsasanay sa mga Kristiano sa paggamit ng kanilang mga espiritual na kamay sa bawa't baytang ng kanilang paglago. Kaya nga, ang balangkas ng kursong ito alinsunod sa ibaba:

## *BagongBuhay*

### *Mga Aralin sa Buhay Bilang Alagad ni Cristo*



**ESPRITUAL NA SANGGOL**

**AKLAT 1**
***KANANG KAMAY NG SANGGOL:***
***ANG EBANGHELYO***

1. Hinlalaki: Pag-ibig ng Diyos
2. Hintuturo: Problema ng Tao
3. Hinggigitna: Si Cristo ang Kasagutan
4. Palasingsingan: Paanyaya ni Cristo
5. Kalingkingan: Ang Iyong Pasiya
6. Palad: Ang Katiyakan ng Kristiyano

At Dagdag na mga Aralin sa Ebanghelyo

**AKLAT 2**
***KALIWANG KAMAY NG SANGGOL:***
***PANGANGAILANGAN NG ESPIRITUAL NA SANGGOL***

1. Hinlalaki: Panalangin - I
2. Hintuturo: Salita ng Diyos - 1
3. Hinggigitna: Kapatawaran
4. Palasingsingan: Pamilya
5. Kalingkingan: Patotoo
6. Palad: Pananahanan ng Espiritu Santo



**ESPIRITUAL NA KABATAAN**

**AKLAT 3**
***KALIWANG KAMAY NG KABATAAN:***
***PANGANGAILANGAN NG ESPIRITUAL NA KABATAAN***

1. Hinlalaki: Panalangin - II
2. Hintuturo: Salita ng Diyos - II
3. Hinggigitna: Ang Krus
4. Palasingsingan: Katawan ni Cristo
5. Kalingkingan: Patotoo
6. Palad: Buhay na Puspos ng Espiritu Santo

**AKLAT 4**
***BAUTISMO AT PAGIGING MIYEMBRO NG IGLESIYA***

Believe - Sumampalataya
Accept - Tanggapin
Prove - Patunayan
Testify - Patotoo
Instruct - Pag-aaral
Stewardship - Katiwala
Membership - Miyembro

**AKLAT 5**
***PANGUNAHING MGA KATOTOHANAN SA BIBLIA***

1. Palad: TUNGKOL SA BIBLIA
2. Hinlalaki: TUNGKOL SA DIYOS
3. Hintuturo: TUNGKOL SA MGA NILIKHA
4. Hinggigitna: TUNGKOL SA KASALANAN AT KALIGTASAN
5. Palasingsingan: TUNGKOL SA IGLESIYA
6. Kalingkingan: TUNGKOL SA MGA HULING BAGAY

*Dagdag: Pagsuri (Survey) sa Lumang Tipan & Bagong Tipan*

PANSININ: PAGKATAPOS NG AKLAT 5, ISINGIT
ANG MAGKABUKOD NA ARALIN: AKLAT 6-A & AKLAT 6-B.

**AKLAT 6-A:**
**CHI UPSILON**
**PAGSASANAY-ALAGAD SA MGA KABATAAN**


. Ang CHI at UPSILON ay dalawang letra mula sa abakadang Griyego.

(1) Ang CHI (hugis X sa English at binibigkas na CH) ay siyang unang letra ng pangalan ni Cristo sa wikang Griyego: CHRISTOS. (Isulat ang salitang CHI at ang letrang X sa pisara; isulat din ang UPSILON at ang letrang hugis Y.)

(2) UPSILON (hugis letra Y sa English at may bigkas na letra U) ay siyang unang letra sa salitang Griyego na UPSISTOS, na ibig sabihin ay HIGIT SA LAHAT. (Pansinin: Ang saliltang UPSISTOS ay binibigkas na may tunog na H sa simula: HUPSISTOS; subalit sa Griyego, walang letrang H kundi isang kudlit lamang sa ibabaw ng letra; dahil dito, sinusulat natin ang salita na UPSISTOS, pero huwag kalimutan na bigkasin ito na may tunog H sa simula: (H)UPSISTOS.)

4. Ang CHI UPSILON ay isang pag-aaral sa Biblia na naglalayon na tulungan ng mga Kristiyano, lalo na ang mga kabataan, na paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay.

5. Sa sandaling tanggapin mo si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon, ang pagtanggap na ito ay inilalarawan natin sa pamamagitan ng pagsulat ng letrang CHI (X) at letrang UPSILON (Y) sa ibabaw ng bilog or sirkulo ng iyong buhay, na anupat mahahati sa PITONG BAHAGI ang bilog ng iyong buhay. Ang pitong bahaging ito ay sinasagisag sa English ng mga letrang G – S – P – FS – SF – P – S. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa CHI UPSILON course, iyong matututukan kung paano paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa lahat ng bahagi ng buhay mo.




- GOD - *DIYOS*
- SELF - *SARILI*
- PARENTS – *MGA MAGULANG*
- FRIENDS – *MGA KAIBIGAN*
- SPECIAL FRIEND – *TANGING KAIBIGAN*
- PURPOSE - *LAYUNIN*
- SUCCESS - *TAGUMPAY*

**AKLAT 6-B:**
**LIMANG SANGKAP (F. A. C. T. S.)**
**NG HABANG-BUHAY NA PAG-IBIG AT MATRIMONYO**

Aralin sa Biblia para sa mga May-Asawa;
para sa mga naghahandang magpakasal;
para sa pagpapayo tungkol sa buhay-mag-asawa.

Ang salitang F. A. C. T. S. sa English ay sumasagisag sa limang sangkap ng habang-buhay na pag-ibig at matrimonyo.

- Foundation – Pundasyon
- Acceptance – Pagtanggap
- Communication – Komunikasyon
- Teamwork – Pagkakaisa
- Satisfaction and Success – Kaligayahan at Tagumpay

**AKLAT 7**
***KANANG KAMAY NG KABATAAN:***
***MGA SUSI NG TAGUMPAY***


1. Hinlalaki: Katawan
2. Hintuturo: Isip
3. Hinggigitna: Damdamin
4. Palasingsingan: Pasiya
5. Kalingkingan: Baluti ng Diyos
6. Palad: Buhay na Ipinagpalit

**AKLAT 8**
***PAGSASANAY-ALAGAD***
***SA KAPARAANANG FILIPINO***

Ang Pagkatao ng Pilipino
Ang Pusong Pilipino
Palad: Pamilya
Hinlalaki: "Utang na Loob"
Hintuturo: Pakikisama
Hinggigitna: Pag-asenso
Palasingsingan: Pagiging Bayani
Kalingkingan: Pagka-Makadiyos

Kamay ng Pag-uugali
Hinlalaki: Pagtingin sa Sarili
Hintuturo: Mga Magulang
Hinggigitna: Mga Kaibigan
Palasingsingan: Pag-ibig, Matrimonyo, Kristiyanong Pamilya
Kalingkingan: Panahon, Trabaho, Pananalapi
Palad: Tagumpay, Layunin sa Buhay, Mga Paninindigan

Tanging Aralin:
Katuruan ng Biblia
Tungkol sa Ugaling Homosekswal



**ESPIRITUAL NA MAGULANG**

**AKLAT 9**
***KALIWANG KAMAY NG MAGULANG:***
***MGA PANGANGAILANGAN NG ESPIRITUAL NA MAGULANG***

1. Hinlalaki: Panalangin - III
2. Hintuturo: Salita ng Diyos – III (Tingnan Aklat 5)
3. Hinggigitna: Pagiging Katiwala
4. Palasingsingan: Nobya ni Cristo
5. Kalingkingan: Misyong Pandaigdig
6. Palad: Mga Kaloob ng Espiritu Santo (Tingnan Aklat 12)

**AKLAT 10**
***KANANG KAMAY NG MAGULANG:***
***MGA SALIGAN NG MINISTERYO***

1. Hinlalaki: Ang Espiritu sa Ministeryo
2. Hintuturo: Ang Salita sa Ministeryo
3. Hinggigitna: Ang Panalangin sa Ministeryo
4. Palasingsingan: Ang Huwaran sa Ministeryo
5. Kalingkingan: Mga Pagsubok sa Ministeryo
6. Palad: Ang Layunin at Kaparaanan ng Ministeryo

**AKLAT 11**
**MGA ARALIN SA AKLAT NG ROMA**

**AKLAT 12**
**36 MGA SALIGANG KATOTOHANAN**
**PATUNGKOL SA KALIGTASAN**

**AKLAT 13**
***MGA ESPIRITUAL NA KALOOB:***
***Pagtuklas, Paglago, Paggamit***

1. Apat Na Kamangha-manghang Katotohanan
2. Ano ang mga Espiritual na Kaloob?
3. Kaloob Sa Paglilingkod
4. Kaloob Sa Pagtuturo
5. Kaloob Sa Pamumuno
6. Saligang Mga Ministeryo
7. Pagpapaunlad at Paggamit ng Iyong Kaloob
8. Pagtiyak Sa Iyong Kaloob at Ministeryo

**AKLAT 14**
**PARAAN NG PAGSISIMULA**
**NG BAGONG IGLESIYA**